# *ISANG SUPER NA TANDA*

[Sinasabi ni Kapatid na Neville, "...mga benepisyo na inihatid ng Diyos sa amin sa pamamagitan ng iyong pagmi-ministeryo't pag-ibig. Kaya naman, sa oras na ito, nais naming maipakita, sa munti mang paraan, na makapagbigay sa iyo ng munting regalo."—Pat.] Salamat, Kapatid na Neville. ["Nawa'y ang mga pagpapala ng Diyos ay maglumagak sa'yo, minamahal na kapatid."] Maraming, salamat po, Kapatid na Neville.

2 At salamat, iglesya. Di ko pa man nalalaman kung ano ang nasa loob nito. Pero heto po na lubos ang aking pasasalamat, nang buong puso ko, para sa lahat ng inyong inilalaan sa akin, at sa mga bagay na inyong ginawa para sa akin. At kung di po sa inyo, heto't wala po ako. Kung wala pong sasampalataya sa Mensahe na ipinagkaloob sa akin ng Diyos na ipangaral, wala pong saysay na ipangaral Ito. Kinakailangan talagang dalawa po tayo rito, na pinagsusumikapan ito nang magkalakip. Kaya, ako po'y lubos na nagpapasalamat para rito.

3 At ang iglesya po natin ay lagi talaga, kung tutuusin, na tayo-tayo po mismo rito, ay may pagkamagiliw. Ngayon, nung papalapit na ako rito, kanina-kanina, diyan sa likod na silid, may nag-abot sa akin nitong nakabalot na kahon, at sabi, na sa pagsampa ko rito sa entablado ay ibigay ko po *ito* kay Kapatid na Neville. Bilang pasasalamat ng aking sentimyento para sa kanya, at sa pagbubuklod ng iglesyang ito, at mga bagay na inilaan niya para sa atin sa taon na ito, bilang pastor sa mga taon na nagdaan, at nang may pag-asa't mga pananalangin na siya'y patuloy na magiging pastor natin sa maraming taon pa na parating, heto ang isang katibayang regalo mula sa iglesya at mula sa akin, Kapatid na Neville.

4 [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Maraming, salamat po, sa inyong lahat. Pagpalain kayo ng Diyos. Lubos ang pasasalamat ko sa mabubuting bagay at sa tulong na ipinagkaloob sa akin mula sa lahat at bawat isa sa inyo sa kongregasyon. At tunay po, na sa umagang ito, dama ko nga hanggang sa kaibuturan ng kaluluwa ko na maging hanggang sa pinaka bata man nating miyembro ay ganoon na lamang kalalim ang pasasalamat kay Kapatid na Branham para sa halaga niya sa atin, at ng kanyang pagmi-ministeryo. At nawa'y pagpalain pa siya nang lubos ng Diyos at pagpalain siya sa kanyang pagpapatuloy para sa Panginoon sa taon na ito, 'yan po ang sinsero kong panalangin. Maraming, salamat. Tunay na lubos-lubos ang pagkalugod ko rito. Hayan nga."—Pat.]

5 Ang maliliit na bata, hayan nga, sa palagay ko oras na para 'yung maliliit na bata'y magpunta na sa kanilang—kanilang

mga silid. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Siyanga."—Pat.] At ngayon alalahanin n'yo, na maging mabubuti't magagalang na mga mumunting batang babae't lalaki kayo, diyan sa may silid sa umagang ito. Dahil, pagkatapos ng gawain, sa palagay ko ay may inihanda rito para sa inyo, na kagigiliwan n'yo.

6 Ngayon, para sa mga matatanda, gaya ng nakikita n'yo na heto ang bilang ng ating—ating maliliit na mga kabataan na—na lumalaki ang bilang, heto't nananabik tayo sa paghihintay sa panahon na 'yun na magkakaroon na tayo ng bagong bahay-sambahan na magagawa nating paghiwalayin 'yung mga klase-klase.

7 Ang ating Kapatid na babaing Arnold ay—ay braso na po; di na lang sangdakot sa kamay, kundi braso na po. At sinasabi ng munti kong anak na babae. Sabi niya, "Daddy, mukhang nahihirapan na po si Kapatid na babaing Arnold." Sabi niya, "Dahil, haya't may sasabihin siya sa amin sa pangungusap na maiintindihan namin, at pagkatapos bigla na lang may maliit na bata na malikot, at patitigilin niya sila't sasawayin, kita mo po." Kaya mahirap po talaga para sa isang babae na ito na siya lang ang mamahala sa lahat ng mga klaseng ito. Kaya lubos po ang ating pasasalamat sa kanya, at sa kanyang—kanyang lubos na pakikipagtulungan na gawin ang abot ng magagawa niya sa panahon na ito na kinakailangan. Pagpalain siya ng Panginoon.

8 Ngayon umaasa tayo, na balang araw, sa lalong madaling panahon, loobin ng Panginoon, na magkaroon tayo ng mainam at malaking tabernakulo na doon po ay magkakaroon tayo ng lahat na ng mga silid para sa Sunday school para sa mga klase-klase. Na 'yung maliliit pa talagang bata, may pisara sila dun na may tau-tauhan at larawan; at sa gilid sa may entablado, hanggang *dito*, may malaking silid na nasasalaminan para sa mga bata, tapos may mga taga-tingin tayo na may pagsasanay na alagaan 'yung maliliit na bata. Walang makaiistorbo sa mga gawain, na anuman, na may palakad-lakad o papadyak-padyak pa sa palibot. Ang maliliit na bata'y malimit po talaga silang di mapakali, at di pa nila kasi 'yun naiintindihan. Yung mga taga-tingin po'y kailangan nilang intindihin 'yung mga bata. Di kasi tayo kayang intindihin nung mga bata. At kaya, naman, isang dako sana na ang lahat ay nasa kaayusan na naniniwala ako na ipagkakalob sa atin mismo ng Panginoon. Di natin kailangan ng sobrang magarbo, basta't mainam na bahay-sambahan lang. Nananabik po tayo riyan.

9 Ngayon, ito pong mga naibigay kay Kapatid na Neville at sa akin, may ideya po ako, na mga amerikana ito. Di ko lang alam, Kapatid na Neville. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Yun nga, o iba."—Pat.] Sa tingin ko—sa tingin ko'y 'yun nga. Di lang po ako sigurado. Haya't, mukha pong kahon ito para sa amerikana, sa tingin ko. Ganoon di po ba ang palagay mo? Uh-huh. Siguro nga'y amerikana o balabal na pampatong. At ako—

ako. . .Mukha ngang parehong-pareho ang itsura, kaya haya't—haya't ipinapakita lang n'yan na wala pong kinikilingan dito. ["Amen."] At, mangyaring, may balabal na akong pampatong. At sa tingin ko'y ang mga ito—ang mga ito. . .Di ito balabal na pampatong. Kaya malamang. . .Mayroon ka na rin nun, ganoon nga, kaya malamang ay amerikana ito. At sadya po. . .Ganoon na lamang ang pasasalamat namin dito! ["Amen."]

10 At natitiyak ko, na, bilang mga pastor, mga pastol. . .Ang salita pong *pastor* ay ang ibig sabihin nito'y "isang pastol, siya na nagpapastol sa mga tupa." At natitiyak ko na ganoon na lamang ang pasasalamat namin sa inyo, sa lahat at bawat isa sa inyo, dahil bunga ito ng—ng inyong kabutihan at malasakit, at pera, na kaya naibigay ang regalong ito sa amin sa umagang ito. At sa biyaya ng Diyos, ipinapangako po namin ang aming sarili na maging pastor n'yo, na gawin ang lahat ng magagawa namin na pangunahan kayo sa tamang daan. Marahil, may mga pagkakataon, na 'yung paraan ng pananalita namin at mga bagay-bagay, ay mahirap pong unawain. Pero ginagawa lang po namin 'yun bilang mga tagapatnubay, na sinisikap namin na mapatnubayan kayo tungo sa Dakong 'yun, na, sa pagkabuhay na mag-uli'y malubos ang pasasalamat n'yo sa'min sa panahon na 'yan. Heto nga, na di namin isinasaalang-alang ang aming mga sarili, sa panahon na nangungusap kami sa inyo, na di ito sa gana naming nalalaman, bagkus sinisikap lamang na gawin kung ano mismo ang pangunguna ng Espiritu Santo na gawin namin. At 'yan po. . .ang pinagsusumikapan namin sa tuwina. At hanggang ngayon nga'y 'yun pa rin ang pinagsusumikapan namin, ang bagay na tama, kami ng pastor at ako.

11 Lubos nga rin ang pasasalamat natin na nakabanaag tayo ng sikat ng araw. Si Doc, ang kapatid ko, nabanggit niya na nagpasabi siya kay Kapatid na Frankie Weber, sa Florida, ang sabi, "Di na lang ikaw ang makalalabas sa panahon ng Pasko't makakapaghugas ng salamin, ng kotse mo, na kahit kamiseta lang ang suot na maiksi ang manggas." Nagagawa rin niya kasi 'yung ganoon ngayon, maganda ang klima! Buweno, alam n'yo naman dun sa Florida na halos magsawa na sila dun sa init ng araw, na lagi ngang naroon 'yung araw sa Florida, kaya naman napagawi 'yung araw marahil dito sa Indiana at mistula ngang kinukumusta ang lagay dito. Sa tingin n'yo po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kaya, masaya tayo na bumisita sa atin dito ang araw, kahit—kahit sa maikling sandali lang, sa umagang ito.

12 Pero, higit sa anumang bagay, tayo nga'y nagpapasalamat para sa Anak na Liwanag ng Diyos, na nagbibigay sa atin ng pagsinag ng Walang Hanggang kaligayahan.

13 Iniisip ko nga kung itong munting batang lalaki rito, na kapapasok lang, kung gusto niya bang maupo rito kasama ng magulang niya. O, dili kaya'y may klase ng Sunday school sa

likod, munting bata, kung gusto mong magpunta dun sa likod. Kapatid na Taylor, sige't alalayan mo itong munting ginoo na ito sa klase. Mainam 'yan. Kalimitan ang maliliit na mga bata'y gusto nilang makasama 'yung kapareho nilang bata, alam n'yo. Sila, may mga bagay sila na sila-sila ang nagkakaintindihan, na gusto nilang pag-usapan 'yung tungkol sa isang bagay. At ganoon po 'yun.

14 At ang isang munting batang babae na labing-dalawang taong gulang, gaya ng lagi kong sinasabi, kung may makikita kang munting walo-, siyam-, sampung-taong gulang na batang babae na laging kasa-kasama ni lola, anumang oras, may bagay nga na mali. Kita n'yo? May—may kung anong bagay na mali, dahil malaki ang agwat nila sa edad. Iisipin n'yo nga, na si lola ay may supot ng kendi kung saan, na anumang oras ay puwede siyang bumunot dun. At 'yung munting iha, haya't manlalaki ang mata niya dun sa supot ng kending 'yun. Dahil, kalimitan, wala naman silang anumang bagay na mapagkakasunduan na puwedeng pag-usapan, anupa't patapik-tapik lang marahil at aalaga-alagaan siya. Pero ganoon nga 'yun, at nagagalak tayo na ganoon 'yun.

15 At heto nga na nabanggit ko na 'yang pahayag na 'yan, nabanggit ko na 'yan noon, nung ipangaral ko 'yung tungkol sa kordero't kalapati. Kita n'yo, may bagay sila na magkatulad. Magagawa nilang pag-usapan 'yung tungkol sa mga bagay na 'yun.

16 Yung Masonic, Masonic Lodge, may mga bagay nga sila na magagawa nilang pag-usapan, mga magkakapatid ng Masons Lodge; mga magkakapatid ng Odd Fellows Lodge. Ang mga Aleman ay may mga bagay sila, na maikukuwento nila, dun sa kapwa Aleman, tungkol sa bayang-tinubuan nila, sa tuwing may mga Aleman na magkikita rito, na 'yung isa ay kagagaling lang sa bayang-tinubuan. Ang mga Italyano ay ganun din na may mga bagay sila na sila-sila'y napag-uusapan nila.

17 At ang mga Cristiano ay ganun din na may mga bagay sila na napag-uusapan nila. Yun ang dahilan kung bakit nagtitipon tayo sa mga dakong gaya nito, sa Makalangit na mga dako kay Cristo Jesus, dahil tayo'y mga mamamayan sa iisang Bansa. Tayo po'y mga manlalakbay at mga taga-ibang bayan dito, sa mundong ito. Kaya naman ganoon na lamang na gustung-gusto natin na magkatipun-tipon tayo sa mga umagang gaya nito ng sabbath at sa mga oras ng pagtitipon para sa panalangin, na tayo nga'y magkakatipun-tipon, dahil may mga bagay tayo na magkakahalintulad. Gustung-gusto nating pag-usapan 'yung tungkol sa mga pagkakatulad, mga bagay na magkakatulad, na mahalaga't iniibig natin: ang Panginoon, ang Kanyang mga gawa. Heto nga ang isang tao, na sa puso nila, may pag-alab sa isang bagay, na pinagaling sila ng Diyos, at heto na sadyang nananabik silang ipakita ang sarili nila roon, "Tingnan n'yo ang

bagay na ginawa sa akin ng Panginoon!" Heto nga ang isang tao na nakatanggap ng dakilang pagpapala, at sadyang may pagnanais na makapunta sa simbahan, para maipisan ang mga pagpapalang ito sa isa pa. Kita n'yo, 'yan po ang dahilan kaya't may mga bagay tayo na pagkakatulad.

18 Sa tingin ko po'y parang ang ganda ng dating ng tunog dito sa simbahan ngayon, sa umagang ito. Ganoon nga ang tingin ko. Di lang po ako sigurado. Ang ganda ng balik ng tunog dito.

19 Pero heto nga na lubos ang kagalakan ko sa resulta nung rebaybal nung nakaraang linggo. Kita n'yo? Di lang dito sa dakong lokal dito ang pagkilos, bagkus sa palibot pa, sa iba't ibang bansa po, tayo nga'y nakapamalita, na ang Panginoon ay naging mabuti. Ngayon, kung itong mistulang pagsusunog ng lumang mga tulay, na inihahanda natin ang mga bagay-bagay, at pumapasok patungo sa Panginoon, na may kahandaan na tanggapin ang mga biyaya; kung sa kaunting panahon na 'yan ay naipangyari 'yun, ano pa kaya kung itutuloy-tuloy ito? Kita n'yo? Kaya, huwag natin itong hayaang maupos. Magpatuloy tayo sa paggatong ng maraming gatong, sa tuwina, hanggang sa ang mga usok na senyales ay makikita sa buong mundo, na si Jesus Cristo ay nabubuhay, at may apoy na nag-aalab sa ating mga puso.

20 Matapos na itagubilin ko sa panibagong paglalaan, ito pong aking sarili, at maging ng aking maybahay, at iba pa, napansin namin ang mga bagay-bagay na nabago talaga dito sa atin. At wala na 'yung mistulang ninenerbiyos tayo, na naliligalig at di mapakali, "Di natin matatamo *ito*, at di natin matatamo *iyon*." Heto nga na mas kalmado tayo, at mas marami ang natatapos.

21 Kaya, ngayon, heto na ang parating na bagong taon. At di nga tayo naniniwala sa sige't pabuklat-buklat lang ng bagong pahina, tayo nga'y naniniwala na dapat tupukin 'yung luma. Kaya magpatuloy lang tayo na panatilihing inilaan ang inyong sarili sa Diyos sa parating na taon, di natin alam kung anong gagawin ng Diyos para sa atin.

22 Pero heto nga na lubos-lubos ang pasasalamat namin sa bawat isa sa inyo. Ganoon na lamang ang pasasalamat ko sa Diyos para sa bawat bahagi ng Katawan ni Cristo, saanmang dako. At sa lahat ng iba't ibang antas ng pananampalataya, gaano man silang di sumasang-ayon sa akin, lubos pa rin ang aking pasasalamat na may mga tao. . .Kahit na sa tingin ko ay may kaunting pagkakamali sila, sa Kasulatan, pero heto nga na may sinseridad sila na tumayo sa bagay na sinasampalatayanan nila. Tunay nga na handa po akong pumasan kasama ang mga kapatid na ito, at sila man din ay papasan kasama ko sa aking mga pagkakamali't mga bagay-bagay, dahil wala namang kahit isa sa atin ang perpekto.

23 Pero dun nga sa Mensahe nung isang gabi, nung ipangusap ko ang tungkol sa Diyos na inihihiwalay ang Kanyang Sarili sa

Pentecostes, sa dugtungan ng panahon, o dun sa paghaharap kung saan kinakailangang bumuo ng pasya, "Anong klase ng Iglesya itong bagong Iglesyang Cristiano?" Yun nga ang pakay nung paghaharap. At nasumpungan natin na dun sa Aklat ng Mga Gawa, sa ika-2 kabanata, nasumpungan natin 'yung klase ng Iglesya na napagpasyahan dun noon; kung ano bang uri ng Iglesya, kung magiging ano ba ang Iglesyang ito, kung ano ba ang magiging reaksyon ng Iglesya sa panahon na tinanggap na nito si Cristo. Gustung-gusto ko nga 'yun. At masikap ko ngang ipinakikipaglaban ang Iglesyang 'yun na minsang natatag noon sa Araw ng Pentecostes. Ngayon, kung papaanong kakaiba Ito noon, haya't kakaiba rin Ito ngayon. At magiging ganoon nga Ito, hangga't may kasalanan sa sanlibutan, at may pakikibaka pa na kailangang ipakipaglaban, ito nga'y magiging kakaiba sa ating mga kalaban, pero sa kabila ng mga 'yun ay mahalagang mga bagay ng Diyos na masikap nating ipinakikipaglaban na gawin ng Diyos para sa atin.

24 Ngayon, sa mga pabatid po, sa palagay ko'y nabanggit na ito kanina ni Kapatid na Neville.

25 At heto nga na umuwi ako rito sa atin para sa sanglinggong ito, para manalangin at hangarin ang presensya ng Panginoon. Dahil, sa taon na ito na parating, sa pamamagitan ng tulong ng Diyos, kung ako'y sadyang tutulungan Niya, hinahangad ko ngang magtumulin sa pakikipagbaka nang mas maalab pa sa mga nagawa ko na sa buong buhay ko. At kaya marahil ang malaking bahagi ng taon na ito'y igugugol ko sa ibang bansa, at sa Haiti, at sa mga isla, at Timog Amerika, at Aprika, at Asia, at India, at—at maging doon sa Scandinavia. At lahat ng mga 'yan ay pagpapasyahan sa sanglinggong ito, kung loloobin ng Panginoon. Kaya naman kapag nakakaramdam ako na ako'y pinangungunahan na gawin po ang isang bagay o magpunta sa kung saan, ang Panginoon nga'y isinugo ako na gawin 'yun.

26 Mangyari nga na kapag pababa na ako ng eroplano, dun sa paglapag, at heto nga na may parating, at nagsasabi, "Oh, *itong* isang denominasyon na ito'y umatras, *itong* isa'y ganito ang ginawa, o *ito* nga'y nagkaproblema, o di natin magagawa 'yung *ganito*, o sinasabi ng mga nasa awtoridad na di tayo puwedeng magdaos ng pagtitipon."

27 Heto nga na may pagnanais akong tumayo roon, "Pero ako nga'y pumarito sa Pangalan ng Panginoon." At alam ko na ang diyablo 'yun, siyanga. Kita n'yo, di nga, "Nagkamali ba ako ng pasya?" Ako kasi'y pinangunahan. Haya't magagawa n'yong tumindig doon na ang mga balikat n'yo ay naroon sa ruweda, at magtutumulin sa pakikipagbaka.

28 Ngayon, bago natin buksan ang Aklat, o hingin sa Diyos na buksan Ito sa ating pagbasa Rito, gusto kong sabihin ang rason kung bakit dinadala ko ang Mensaheng ito sa iglesya sa umaga

pong ito. Ito po ang Pamaskong Mensahe ko sa iglesya. Ito po yaong. . .kung tutulungan ako ng Espiritu Santo na ilahad ang bagay na sinasampalatayanan ko tungkol dito. Ngayon, gaano pa mang kaganda ang pagkakasulat nito sa Mga Kasulatan, at gaano man ang pagkakaunawa ng isang tao rito, haya't dapat at nararapat lamang na dumepende sila sa Espiritu Santo sa paglahad nito sa mga tao. At sa panahon na ito na katatapos pa lang ng Pasko, na mapapakinggan n'yo ang lahat ng samu't saring mga kuwentong Pamasko at 'yung—'yung mga pagsasa himpapawid, at kung ano pa, na mga mensaheng Pamasko. Ito po'y magiging medyo kakaiba nang kaunti, na isang kuwentong Pamasko, pero sa kabila nun ay inilagay ito ng Diyos dito sa puso ko.

29 At ngayon iyuko na natin ang ating mga ulo pansumandali, sa Kanyang Presensya at sa lilim ng Kanyang katarungan, na hihingi tayo ng kaawaan.

30 Oh Diyos, Mapagpala naming Tagapagligtas at Ama, kami po'y dumudulog sa Iyong luklukan ng awa. Sa Pangalan ng Panginoong Jesus, na Iyong Anak, may pagpapakumbaba kami na itinatagubilin ang aming mga sarili sa umagang ito, na ialay sa Iyo ang mga panalangin na ito at aming pasasalamat, para sa lahat ng mga bagay na ginawa Mo para sa amin. Dito nga sa nakaraang sanglinggo, lalong-lalo na, na anupa't ang mga puso namin ay nagutom, at ang mga tao'y nag-ayuno, at pinagpala sila ng Espiritu Santo, nagpangyari ng dakilang mga bagay sa kalagitnaan namin mismo! Ang mga maysakit ay nagsigaling. At ang Diyos ay napagkilala, na Siya'y nabubuhay, at Kanyang iniibig ang Kanyang bayan.

31 At heto na nananatiling totoo ang Mga Salita, ng propeta, noong salitain ng propeta ang Mga Salita ng Panginoong Diyos, noong sabihin niya, "Kung ang mga tao na tinawag sa Aking Pangalan ay magtitipon na magkakapisan, at mananalangin, ay diringgin Ko nga sila mula sa Langit." Ang Mga Salitang 'yun ay ganoon na lamang na katotoo mula nung una itong bigkasin. Ganoon nga po ang nasumpungan namin, Panginoon. Ngayon kami'y mapatawad nawa, 'yan ang aming dalangin, sa lahat ng aming pagkakasala, lahat ng kawalan ng pananampalataya, na anupa't kasalanan po.

32 At dalangin din namin, Panginoon, na Iyong ipanumbalik po sa amin ang pananampalatayang 'yun na minsang kumilos noon sa unang Iglesya. Di po kami humihiling ng mabulaklak na higaan ng kaalwanan, bagkus humihiling lamang kami ng awa ng Diyos, at ng Kanyang Presensya, at ng mga biyaya Niya na lumakip sa amin. Ito ma'y sa dako rito o sa dako sa ibayong-dagat, ito ma'y sa karangyaan, o mabulaklak na mga higaan, o ito ma'y sa harapan ng labanan, saan man po, Panginoon, ang munti Mo mang kalooban ang aming sukdulang mithi na Ikaw po'y mapaglingkuran. Iyo lamang pong gawin itong payak para

sa amin, Oh Panginoon, na di po namin mapalampas ang daan, sapagkat lumalakad po kami rito sa isang madilim at bulag na sanlibutan, sa gitna ng mga makasalanan na bulag na mga tao. Kaya, Iyo pong papagliwanagin ang aming daan, Ama, at kami po'y mapangunahan gaya ng Iyong ibig, na kami'y mga tupa ng Iyong kawan.

33 Iyo pong itulot na ang Pastol ng kawan ay malugod at may kababaan ng loob na pangunahan ang Kanyang bayan, habang hinihintay namin Siya sa umagang ito para sa pang-umagang Mensahe. Nawa'y mangusap ang Espiritu Santo nang sadyang payak sa bawat puso at nawa'y masalo namin ang pagkasilip sa bagay na sinasambit ng propeta, at doon, ay, makamit ang mga pagpapala ng Presensya ng Diyos, na pinagtitibay ang bawat Salita. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus, na Iyong Anak, na aming Tagapagligtas. Amen.

34 Hinihiling ko sa mga dumalo sa atin dito sa umagang ito, sa kanila na may dala ng mga Biblia, kung nagnanais po sila na bumasa kasama ko, sa Mga Kasulatan, o sundan ako habang nagbabasa ako, mangyari pong bumuklat sa Aklat ni Isaias. Sa propeta Isaias, at sa ika-7 kabanata po, nais kong bumasa rito mula sa ilang bahagi ng Kasulatan na ito. Sa Isaias, sa ika-7 kabanata, magsisimula tayo sa pakikipagtalastasan ng Diyos kay Achaz, sa ika-10 talata.

> *At ang PANGINOON ay nagsalita uli kay Achaz, na nagsasabi,*
>
> *Humingi ka sa ganang iyo ng tanda na mula sa PANGINOON mong Dios; humingi ka maging sa kalaliman, o sa* mga kaitaasan *sa itaas.*
>
> *Nguni't sinabi ni Achaz, Hindi ako hihingi, ni tutuksuhin ko man ang PANGINOON.*
>
> *At kaniyang sinabi, Dinggin ninyo . . . Oh sangbahayan ni David;* Ito'y *maliit na bagay ba sa inyo na mamagod sa mga tao, na inyong papagurin rin ang aking Dios?*
>
> *Kaya't ang Panginoon nga ay magbibigay sa inyo ng tanda; Narito, isang dalaga ang maglilihi, at manganganak ng isang lalake, at . . . tatawagin ang kaniyang pangalan na Emmanuel.*
>
> *Siya'y kakain ng mantekilla at pulot, pagka siya'y natutong tumanggi sa kasamaan, at pumi- . . . pumili . . . ng mabuti.*
>
> *Sapagka't bago maalaman ng bata na tumanggi . . . sa kasamaan,* o *pumili . . . ng mabuti, pababayaan ang lupain ng dalawang . . . haring iyong kinayayamutan.*

35 Kung magbabanggit ako ng paksa mula rito, na hahango ng isang konteksto, gusto ko pong gamitin ang katagang ito: *Isang Super Na Tanda.*

36 Sa panahon na tayo'y nasa pinaka madilim na gabi, at tila ba na . . . kung minsan ay dumidilim nang husto na di nga natin maaninaw maging ang mga kamay natin sa harap natin, diyan nga sa oras na 'yan na ang sanga-sangang kidlat ay sumisinag nang pinaka maliwanag. Ipinapadala nga 'yan para ipakita sa atin na maaaring magkaroon ng liwanag sa kadiliman.

37 Ganito nga ito sa panahon noon ng paghahari ni Achaz, na isang masamang hari. At kung mapapansin n'yo, ang mensahe ay di nga inukol ng—ng Panginoon kay Achaz, kundi inukol sa sambahayan ni David. "Dinggin ninyo, Oh sambahayan ni David! Ito ang magiging tanda." Dahil, nasa pakikidigmaan sila noon, kapatid laban sa kapatid, at mistula ngang 'yun ang pinaka madilim na oras sa paglalakbay ng Israel at sa kanilang pangingibang-bayan. Pero buong lakas na inihayag ng Diyos, sa pamamagitan ng propeta, ang Walang Hanggan na tanda. Ngayon, kadalasan ang mga tanda . . .

38 Ang mga tao nga'y may mga tanda. At nabubuhay tayo sa isang daigdig na puno ng mga tanda. Heto ang tao na sinisikap na maabot ang isang partikular na tanda. Sinisikap ng tao, sa pamamagitan ng siyentipikong pananaliksik, sa pamamagitan ng sarili niyang pag-abot, na magpangyari ng isang tanda na sadya ngang katangi-tangi, o ng isang bantayog ng alaala ng kanyang katalinuhan, kung gaano ba siyang kagaling, o kung gaano bang kadalubhasa ang utak niya. Ganyan na ganyan ang ginagawa ng tao sa maraming mga taon na ito na nagdaan.

39 Halimbawa na lang, heto noon ang matatalino pagdating sa paglalakbay sa karagatan, kulang-kulang na sangdaang taon na ang nakararaan, napagpasiyahan nila na ganoon na lamang ang katalinuhan nila na makapagbibigay sila ng isang—isang tanda sa mundo patungkol sa kahanga-hanga nilang talino, na haya't makagagawa raw sila sa sarili nila ng isang barko na wala raw kahit anong dambuhala mang alon ang makakapag palubog dito. At tinawag nila ang naturang barko na ito na Titanic. Isa nga 'yung pangmatagalang paalaala na isang tanda sa buong mundo, na ang dalubhasang sining sa paggawa ng barko ay dumating na sa kalubus-lubusan, na magagawa nila na itanghal sa mundo na ang barko na ito ay hinding-hindi raw mapapalubog.

40 Kaya, heto na nga ang lahat ng pag-iingat na nakasalig sa talino ng mga tagapaggawa, at kanilang mga talumpati at mga sinasabi-sabi, at mga siyentipikong patunay na ang barkong ito ay hinding-hindi raw mapapalubog! Hayan nga na pagkatapos na mailahad sa mga tao ang mga gaya n'yan, sila—sila nga'y para bang nabigyan ng katiyakan na ayos na ang lahat, anupa't sinasabi na mismo ng siyentipikong pananaliksik na ayos nga.

41 Kaya heto na sila na tumatawid ng dagat sakay sa barko na ito, sa pagbibiyahe nito, at ang pakiramdam nila'y ligtas na ligtas sila na walang kahit ano ang makasasaling sa kanila, ano pa't nagdiwang sila ng malaking kasiyahan ng pag-iinom. At lahat ng mga kababaihan at mga kalalakihan na nakasakay, o, marahil marami sa kanila, sasabihin ko nga, ay hetong nalasing sila; maging, ang kuwento pa nga'y, maging 'yung piloto't 'yung kapitan, at lahat nga sila. At 'yung mga musikero'y sige sila sa pagtutugtog ng—ng jazz, na usung-usong kinagigiliwan nung panahon na 'yun, kung papaanong ang uso sa panahon natin ngayon ay rock-and-roll. Dahil, sila raw ay ligtas, nakasakay sila sa isang barko na ibinigay ng mga kalalakihan sa mundo na tanda ng katalinuhan nila, na, "Kayang-kaya ng barkong ito ang anumang alon o anumang dagat."

42 Habang naroon sila sa sarili nilang kagagawan na nalasing sila nang husto, ang barko'y dumire-diretso sa isang makapal na hamog. At ang sabi ng isa sa mga kapitan, sabi, "Kailangan nating tingnan ang mga makina." Pero ang sabi nung pinaka pinuno dun na nasusunod, "Hayaan lang ang barko, 'Sige lang dire-diretso tayo!' Kailangan nating makarating sa daungan ng ganitong oras." Habang ang barko'y dire-diretso sa makapal na hamog, na parang siya'y bida na sumuong sa situwasyong 'yun, bigla na lamang, bumangga siya sa isang bundok ng yelo, at sa ilalim ng tubig haya't siya'y nagtuluy-tuloy.

43 At sinabi na sa atin nung makata na sumulat nung awiting 'yun, "Ang Diyos, sa Kanyang kamay na makapangyarihan, ipinapakita sa mundo na di ito makapaninindigan."

44 Ang pinakamalaking katagumpayan nila'y nagtuluy-tuloy sa ilalim ng dagat, kasama ng daan-daang maka ilang daan na mga taong lasing na nakasakay. Hindi nga 'yun uubra.

45 Heto nga rin si Adolf Hitler na nagbigay sa mga Aleman ng isang tanda na siya'y lubos ang katalinuhan, na nalalaman niya raw ang lahat ng tungkol sa militar na pamumuhay. At hindi sa ibinababa siya, haya't marami naman talaga siyang nalalaman tungkol dun. Pero hetong sinigurado niya sa mga Aleman, na sa pamamagitan ng pagpapatayo nung Maginot Line, o nung Siegfried Line, na hayan nga't nagbuhos siya roon ng bilyon-bilyong tonelada ng mga semento't sinamahan pa ng bakal. Ipinakita niya ang kompiyansa niya roon, na inilipat niya ang kanyang punong himpilan doon sa mismong unahang hanay ng giyera, na may mga restawran at mga dako ng pagnenegosyo pa na pinatatakbo sa ilalim ng lupa, na bilyon-bilyong tonelada ang kanilang bakal at semento. Saanmang dako lusubin, ang Alemanya'y guwardiyadong-guwardiyado. Isa nga 'yung tanda ng kaligtasan. Pero 'yung makabagong pambobomba mula sa himpapawid ay pinasabog lang 'yun sa Walang Hanggan, at kasamang nadamay pa nga roon si Hitler.

46 Heto rin si Nimrod, isang araw, na nagdeklara siya na siya nga'y magtatayo ng tore na maglalakip-lakip sa kanyang mga tao, na maipapakita niya ang kaya niyang abutin sa gana ng kanyang katalinuhan. At heto nga na magtatayo raw siya ng tore na lalampas sa kaulapan, na, kung dumating man ang galit ng Diyos, ay magagawa niyang isahan ang Diyos. Heto nga na sa pamamagitan ng siyentipiko niyang pananaliksik, 'yung mga naglalakihang bloke't mga bato-bato'y maipagpapatong niya sa isang paraan na maikukubli niya ang mga tao sa kaligtasan, sa gana ng kanyang katalinuhan. Pero pinahantong nga 'yun sa wala 'yung patutunguhan, sa pamamagitan ng panlilito sa mga wika, at 'yung mga tao'y di nila magawang tapusin ang tore.

47 Heto rin si Nabucodonosor na nagtayo nung mga pader ng Babilonia, at ipinagmalaki 'yun. Ganoon nga 'yung kalaki, na, anim na ulo ng mga kabayong hila-hila ang mga karwahe ang nakakapag karera sa ibabaw nung mga pader nun. Yung mga pintuan pa lang nun ay ganoon na lamang kalaki, na 'yung mga kalalakiha'y halos lumabas na ang buhay nila kasama ng pawis nila, sa pagpapanday nung tanso para sa mga pintuan na daan-daang tonelada ang bigat; sa malaking siyudad na 'yun, na pulu-pulutong ng mga kalalakihan ang kailangan para itulak lang ang mga pintuan para magbukas. Wala ngang kahit sino ang makasaling kay Nabucodonosor. Pero isang gabi, sa sarili niyang kagagawan na nalasing siya, na sa isip-isip niya'y ligtas sila sa likod ng maka-siyentipikong mga pader nila, na heto pa nga yaong mga sandata sa panahon nila, ay hetong lumitaw ang isang Kamay na sumulat sa may pader. At tinapos 'yun.

48 Oh, ganoon na lamang na ang tao'y tinatangka niya sa tuwina na akayin ang tao patungo sa kaligtasan, na ilagay ang sarili sa kaligtasan, sa pamamagitan ng sarili niyang mga tanda ng katagumpayan. Mistulang ganoon nga ang nangyayari, dahil ang tao'y likas na naghahanap ng isang tanda, na anupa't may dahilan 'yun kung bakit ganoon; may kung anong bagay sa kaibuturan ng tao na naghahangad nung layon o isang tanda, na galing sa kung saan, na magagawa niyang siya'y ligtas.

49 Pagkatapos nga'y nagsalita ang Diyos, ang sabi, "Bibigyan Ko sila ng walang hanggang tanda. Bibigyan Ko ang Iglesya ng isang walang hanggang tanda." Hindi nga 'yun kung anong malaking pader o tore man. Ang sabi Niya, "Isang dalaga ang maglilihi, at magsisilang ng isang Anak na lalaki, at tatawagin ang Pangalan Niya na 'Emmanuel.' Yun ang magiging Walang Hanggang tanda ng Diyos." Ganung kasimple! Ganun mismong kaliit!

50 Nauunawaan n'yo ba na 'yung maliliit na mga bagay na nilalampas-lampasan n'yo lang at nakakaligtaan, ganoon na lamang ang pagpapahalaga dun ng Diyos? Magagawa bang isaisip 'yan ng iglesya sa umagang ito? Dahil dito sa nakamit na tagumpay bilang organisasyon, at itong naglalakihan niyang

mga gusali't obra maestra, haya't nakakaligtaan tuloy natin 'yung maliliit na bagay na mahahalaga sa Diyos at mahahalaga para sa ating Walang Hanggang patutunguhan. Nakakaligtaan natin ang ganoong bagay.

51 Sinasabi na ng Diyos, na, "Bibigyan Ko kayo ng Walang Hanggang tanda. Isang dalaga ang maglilihi, at magsisilang ng isang sanggol."

52 Bakit, bakit isang sanggol, bakit kinakailangan na isang—isang sanggol? Ang Manlilikha Mismo'y darating at mananahan sa Kanyang nilalang, para maging isang tanda sa tao? Bakit kinakailangan na isang sanggol pa? Bakit hindi na lang Niya sinabi, "Magtatayo ako ng napakalaking hagdan, at lahat nga kayo. . . tulad nung sa panaginip ni Jacob. O, maglaladlad Ako mula sa Langit, mula sa mga pasilyo ng Langit, ng isang tali, at bibigyan kayo ng lakas, na, kapag nagawa n'yong kumapit dito, hihilahin Ko kayo paitaas"?

53 Pero, dumating nga Siya sa kasimplehan. At sabi, "Isang sanggol ang isisilang. Yun ang magiging tanda. At di lang 'yun basta magiging tanda, haya't ito'y magiging super na tanda." Isang sanggol! Aba't, ang karunungan ng siyensiya'y haya't magtatawa nang harapan sa pagkaisip pa lang nun. Pero, sa Diyos, isa 'yung super na tanda. "Isang dalaga ang maglilihi, at ang sanggol na ito ay tatawaging *Emmanuel*, na kung isasalin ay, 'Ang Diyos ay kasama natin.'" Yun ang super na tanda.

54 Ang Diyos ng Langit, namumuhay kasama ng mga tao, ito'y ang super na tanda. Ang tanda na 'yun ay hindi lang para sa panahon na 'yun noon, pero para rin sa panahon na ito at para sa lahat ng mga panahon, na ang Diyos ay nabubuhay kasama ng Kanyang bayan. Emmanuel, ang Diyos ay kasama natin, ito nga ang super na tanda. Ito ang Walang Hanggang tanda, ang walang katapusang tanda, na ibinigay ng Diyos.

55 At bakit Siya napasa alabok, sa mismong alabok ng Kanya mismong Sariling nilikha? Ang Manlilikha nga'y napasa ganun, alabok ng Sarili Niyang nilikha.

56 Ang tao nga'y nagtatangkang gumawa ng malalaki't mga engrandeng mga bagay. Pero, kapag ang Diyos ang magbibigay ng tanda, isa nga lang 'yung maliit na bagay. Ang tao'y mahilig na makipag-ugnay gamit ang naglalakihang mga bagay. Ang Diyos ay nakikipag-ugnay gamit ang mabababang bagay. Ang tao nga'y lagi niyang sinasabi, "Yamang *ganito* ang ginagawa ng marami, gawin natin ang siya ring ginagawa sa Hollywood." Ang ibig nga ng Diyos ay yaong sa kakaunti lamang. Ibig Niya na—na iwaglit ang lahat ng naglalakihang mga bagay, para matanggap itong munting isang ito.

57 "Isang sanggol ang ipanganganak, ang munting Emmanuel ay ipanganganak." Ang Diyos ng nilikha ay naging kabahagi ng Kanyang Sariling nilikha. Ang Diyos, na Maylikha nitong

Kalangitan at lupa, Na maylikha nitong alabok at mga puno, at lahat ng mga bagay, naging kabahagi nila. Yun ang magiging tanda, Siya'y paririto sa pamamagitan ng isang tao.

58 Ngayon, maaari namang pumarito Siya sa ibang paraan kung tutuusin. Maaari nga Siyang pumarito sa pamamagitan ng ibang paraan, ng—ng ibang paraan ng Kanyang pagparito kung tutuusin.

59 Pero pinili Niya na pumarito sa pamamaraan na ito, na magbigay ng isang tanda, ang super na tanda. "Ang dalaga ay maglilihi, at magsisilang ng isang Anak na lalaki, at tatawagin nila Siya na 'Emmanuel.'" Ngayon, para saan po 'yun? Ano po ang dahilan?

60 Bakit di na lang Niya pinili na maging Anghel sana? Haya't magagawa naman Niya 'yun. Magagawa nga Niyang pumarito na isang—isang ganap na hustong tao na agad. Maaari naman Siyang pumarito na may buong pagpupugay mula sa Langit, kasama ang mga Anghel at lahat ng mga Nilalang sa Langit; maglatag ng daraanan mula sa mga pasilyo ng Langit, may ginto pang hagdanan, at maaari namang bumaba Siya na may kasamang konsorte ng mga Anghel. Maaari naman Niya sanang gawin 'yun kung tutuusin.

61 Pero ang sabi nga Niya, "Bibigyan Ko kayo ng isang tanda, isang super na tanda, isang walang hanggang tanda. Isang dalaga ang maglilihi, at magsisilang ng isang bata."

62 At nung makapili na Siya ng lugar kung saan isisilang ang bata na ito. Magagawa naman Niya sanang bumaba na lang ng hagdan, na may ganap na Makalangit na pagpupugay. Maaari naman Siyang bumaba mula sa Langit bilang isang Anghel, o bumaba na ganap na hustong tao na agad. Pero Siya'y, hayan nga rin, na maaari namang dumating sa may palasyo ng hari.

63 Pero ang sabi Niya, "Magbibigay Ako ng tanda." At ang tanda na 'yun ay ipinaalam sa mga pastol, "Masusumpungan n'yo Siya sa isang sabsaban, na nalalampinan ng basahan." Yun ang super na tanda, isinilang sa dako ng mga dumi ng hayop, at sa umaalingasaw na amoy ng sabsaban, na wala man lang damit na maipandadamit sa Kanya, si Emmanuel. Ang diyablo nga'y mahilig na gawin ang mga bagay-bagay na kung anong magarbo't maningning. Ang Diyos nama'y kumikilos sa mga hamak lamang na mga bagay. Isa mismong super na tanda, "Masusumpungan ninyo ang Sanggol na ito'y nalalampinan ng basahan, na nakahimlay sa sabsaban. Ito ang magiging tanda, ang super na tanda." Nung maparito Siya noon sa lupa, ganoon na lamang Siyang kahirap. Anupa't lagi nating napag-uusapan ang mahirap na pamumuhay? Sino ang munting Isa na ito? Si Jehovah nga!

64 Ang Jehovah na Diyos ay naging tao, kinuha ang mismong kalagayan natin, tumawid Mismo mula sa Diyos, at naging tao.

Hayan nga ang tanda. Naging. . . Siya'y Diyos, at naging tao; di nga isang mayamang tao, kundi mahirap na tao. Ito ang super na tanda. "Humihingi kayo ng isang tanda," sabi ng Diyos, "Akin kayong bibigyan ng isa, isang walang hanggang tanda."

65 Maaari naman Siyang pumarito sa ibang paraan, gaya ng nasabi ko, pero, bilang isang sanggol, bakit Niya kinailangan na maging isang sanggol? Noong sa pasimula na 'yung munting, walang ngipin na bibig na 'yun ay bumuka sa may sabsaban, sa unang kuna. . . unang umaga ng Pasko, sa munti Niyang kuna na sabsaban, at 'yung unang munting pag-uha'y namutawi sa Kanyang tinig, ang Diyos nga 'yun na umiiyak. Si Jehovah 'yun na umiiyak, isang tao; nagbuhat sa Diyos, at hayun doon na isang tao, maliwanag, na isang tao. Naparito sa lupa na wala man lang na kahit na ano, anupa't isang tao mismo. Ano itong sinisikap Niyang gawin? Ano itong nilalayon Niya?

66 Umiyak Siya na parang isang sanggol, sa sabsaban. Siya'y naglaro na animo'y isa mismong batang paslit, sa lansangan. Kumayod Siya sa pagtratrabaho na parang isang tao, gayong Siya si Emmanuel. Ito ang super na tanda. Nanahan ang Diyos sa nilikha na nilikha Niya. Ang super na tanda, "Ito'y magiging tanda para sa inyo."

67 Ganoon na lamang Siyang kahirap, noong maparito Siya sa lupa, dumaan Siya sa isang hiniram na sinapupunan, sa isang hiram na sinapupunan ng isang babae. At kinailangan ding manghiram ng libingan, para mailibing dun. Ang Diyos! "Isang dalaga ang maglilihi, nang walang seksuwal na paniniig." Hiniram ni Jehovah ang sinapupunan ni Maria, na isang babae, para ipangyari ang tungkulin na Kanyang maibigay ang isang walang hanggang tanda. At ganoon na lamang kahirap, dito sa lupa, na pagkatapos ng tatlumpu't tatlong taon at kalahati, ng pagmi-ministeryo, Siya'y nanghiram ng libingan para doon ay mailibing. Naiisip n'yo po ba? Itong pinag-uusapan natin na ipinanganak sa pamamagitan ng birhen, ano bang ibig sabihin nito sa inyo, siyanga?

68 Hindi n'yo ba nakikita ang tunay na tanda? Hayan nga si Jehovah na naging isa sa atin. Ang Diyos na Jehovah ay napasa lupa, na isang walang tirahan, isang taga-ibang bayan sa lupa na Kanyang nilikha; itinakuwil, at pinagtutulakan, at tinutuya, at nililibak; isang Bato na katitisuran sa di mananampalataya, isang Bato na dulot ay pagkabagsak; isang diyablo, sa daigdig ng mga relihiyoso. Ngunit isang Walang Hanggang tanda para sa mananampalataya, "Ang Diyos ay kasama natin," ang super na tanda. Nakikita n'yo ba? Ang Diyos ay nahayag, ang Diyos ay ipinakikilala ang Kanyang Sarili sa sanlibutan, na isang walang tahanan. Maaari namang naparito sa ibang paraan, pero 'yun ang piniling paraan.

Pakinggan n'yo Ito. Huwag n'yo Itong palampasin.

69 Iniisip ko na ang Diyos ay nasa isip na Niya mismo, na mas mainam 'yun sa mga tao. Ito nga, sa mananampalataya. Ganun na lamang 'yung kainam noong ang ating Diyos ay naging isa sa atin. Pero, sa mga pormal, na di naniniwala sa Diyos, isa nga itong katitisuran. "Ibibigay Ko sa inyo ang tanda, isang dalaga ang maglilihi. Si Emmanuel ay magiging kasama n'yo." Iniisip ng Diyos na magiging napaka inam nun sa sangkatauhan, na ang Diyos natin ay magiging isa sa atin, na itatawid Niya ang Sarili Niya't mapapasa alabok, na maparito Siya sa kalagayan natin, na maging isang tao; ang mismong Manlilikha na Siyang lumikha ng lahat ng mga bagay.

At, heto pa, tinupad nito ang propesiya. Nakita na noon ito ng mga propeta.

70 At isa pang bagay, "Ang Salita ay napasa alabok, laman, at nanahan kasama natin." Si Jehovah, ang Salita'y naging tao, napasa alabok at tumabernakulo kasama natin. Isang *Walang Hanggang* tanda, "na walang katapusan." Oh, kung bubulayin lang talaga natin, isang Walang Hanggang tanda, ang pinaka super na tanda sa lahat ng mga tanda, ang Diyos ay naging isa sa atin.

71 Mangyari, rin, na Siya'y anupa't ang Binhi ni Abraham. Si Abraham, siyanga't, binhi ni Eba. Si Eba . . . "Binhi ng babae na dudurog sa ulo ng serpiyente." Pero, si Abraham, kung inyo po itong nakukuha, siya nga'y may pananampalataya sa Diyos, na anupa't ang Espiritu ng Diyos ay lumakip sa laman ng tao. Diyan nga pumapasok ang pananampalataya. Diyan nga ang dahilan kung bakit Siya yaong Binhi ni Abraham, na di buong laman, bagkus paglalakip ng Espiritu't laman na magpisan. Ang Diyos, ibinubunsod ang Kanyang Sarili . . . ihinihiwalay, binubunot ang pinaka ugat ng lahat ng kasamaan, ibinubunsod ang laman na magpasakop, ang alabok na Kanyang nilikha, at manahan kasama n'yo bilang isang—isang kapareha.

72 Isa pang bagay, hindi nga Niya sinalangsang o sinalungat man ang kahit ano sa mga batas Niya. Di Niya 'yun magagawa. Kaya, "Isang birhen. Ibibigay Ko sa inyo ang isang tanda." Hindi isang Titanic, hindi isang U.N., kundi, "Ibibigay Ko sa inyo ang isang tanda ng kaligtasan. Isang dalaga ang maglilihi, at siya'y magsisilang ng isang Anak na lalaki, at tatawagin Siyang 'Emmanuel.'" Yun ang tanda. Siyanga.

73 Nakikita n'yo, sa mga batas ng Diyos ng pagtutubos, gaya nga noon kina Boaz at Naomi, kinakailangan na isang malapit na kamag-anak 'yun. At ang tanging paraan upang ang tao ay matubos, ang Diyos ay kinakailangan na maging malapit na kamag-anak, malapit. Gusto kong makita n'yo ito. Di nga Siya naging malapit na kamag-anak, anupaman, sa mayayaman, sa mga may kapangyarihan. Haya't Siya'y ipinanganak doon sa sabsaban, nalalampinan ng basahan; di ganap na hustong tao

agad, bagkus isang sanggol muna. Siya ang Diyos sa ibabaw ng mga nilikha. Yun ang pinili Niyang gawin, na di pumarito na isang ganap na hustong tao na agad. Naparito Siya sa ganoong paraan para maramdaman ang pagdurusa ng maliliit na mga sanggol. Sa ganoong paraan Siya naparito para pagdaanan ang tukso ng mga kabataan. Sa ganoong paraan pumarito, nang sa gayon ay Kanyang batain ang mga pagbabata't silo ng diyablo, bilang isang tao, at gumawa ng daan para sa mga tao ng lahat ng anumang edad, ng lahat ng anumang edad at ng lahat ng anumang estado sa buhay: mahirap man, mayaman man, lahat. Siya'y naging mahirap, nang sa gayon, sa Kanyang karukhaan, tayo'y maging mayaman at maging tagapagmana kasama Siya sa Kaharian. Isang tanda ang ibinibigay, itinawid ang Sarili, ibinunsod ang Sarili na maging iba sa kung ano ba Siya dati; ngayon isa ngang super na tanda, umiyak kung papaano ang isang sanggol, naglaro kung papaano ang isang batang paslit, nagbata ng hirap kung papaano ang isang matandang lalaki, pero ito nga ang Diyos na pinagdaanan ang lahat ng yugto ng buhay tulad natin.

74 Alam n'yo, ang Diyos ay nagbigay ng maraming mga tanda na Siya ay Diyos. Nagbigay Siya ng tanda sa mundo noon sa malawakang pagkawasak sa baha, na Siya ay Diyos, ang Diyos ng paghatol. Nilunod Niya ang mga tao sa panahon noon ni Noe, at pinalutang ang matutuwid sa isang daong; isang tanda na Siya'y matuwid, at ang paghatol ay tiyak. Hayan nga ang tanda, na bawat makasalanan na di magsisisi ay mamamatay sa paghatol, na ang matutuwid ay maliligtas sa pamamagitan ng habag ng Diyos.

75 Nagbigay Siya ng isa na namang tanda sa nagniningas na kahoy. Ano nga 'yun noong katagpuin Niya ang propeta Niya na tumatakas, "Narinig Ko ang daing ng Aking bayan, at Akin ngang naaalaala ang Aking tipan"? Nagbigay nga Siya ng isa uling tanda roon, na Siya'y Diyos na tumutupad sa tipan, at naaalaala Niya ang lahat ng Kanyang sinabi, bawat pangako na Kanyang binitiwan. Nagbigay ng tanda doon sa nagniningas na kahoy, "At Ako'y bababa para iligtas sila."

76 Masdan n'yo nga ang Diyos sa Kanyang pamamaraan ng pagkilos. Noong likhain Niya ang Kalangitan at lupa, tinawag Niya ang mga Anghel na magpisan, at ang sabi Niya, "Atin." Saanmang dako sa Kasulatan kapag Siya'y may gagawin, ay malimit ito, "Di sa pamamagitan Ko, bagkus sa Aking Ama."

77 Pero pagdating sa plano ng pagtutubos, sinuong Niya 'yun nang mag-isa. Walang sinuman ang kasama Niya roon. Siya lamang kasi ang tanging Isa na nararapat na pumaroon. Di nga 'yun magagawa ng isang Anghel. Sinupamang tao, na tawagin mang Kanyang anak, ay di 'yun magagawa. Sinupaman 'yan na ang tawag man, ay banal na birhen, o banal na ina, o— o kung sino mang santo, ay di 'yun magagawa. Ang Diyos

mismo ang kinailangan na pumaroon! "At ibibigay Ko sa inyo ang tanda. Isang dalaga ang maglilihi; at isang sanggol ang isisilang, at Siya'y magiging si Emmanuel, ang Diyos ay kasama natin," ang super na tanda. Ang Diyos sa Kanyang bayan. Ang Diyos kasama ang Kanyang bayan. Ang Diyos ay napaging Kanyang bayan. Ang Diyos at tao'y naging isa. Isang tanda! Isang katitisuran sa sanlibutan, pero isang pinagpalang pag-asa para sa mananampalataya. Isang tanda na kung anu-anong masama ang ipaparatang rito.

78 May isa pa Siyang panahon na Kanyang pinatunayan noon. Pinatunayan Niya doon sa baha noon na Siya ang Diyos ng paghatol, at isang Diyos ng awa para dun sa mga susunod sa Kanyang mga Utos.

79 Ipinakita Niya sa nagniningas na kahoy, sa pamamagitan ng isang tanda, na tumutupad Siya sa bawat isang pangako na Kanyang binitiwan.

80 At dun sa may Dagat na Pula, ipinakita Niya dun na Siya'y gagawa ng daan para sa mga nagsisikap na gawin ang tama't sumunod sa Kanyang Utos. Anuman ang humambalang doon, pinatunayan ng Diyos sa Dagat na Pula, at nagbigay mismo ng isang tanda, na magagawa Niyang buksan ang dagat. Sa bawat tukso, Siya'y gagawa at gagawa ng daan para makaalpas. Sabi-sabihin man, "Hindi naman Ito pinaniniwalaan ni nanay. Hindi naman Ito pinaniniwalaan ni tatay. Ni iglesya nga'y hindi Ito pinaniniwalaan." Di ko alintana sinuman ang hindi naniniwala Rito. Kung sasampalatayanan n'yo Ito, ang Diyos ay gagawa at gagawa ng daan para makaalpas. Nagbigay Siya noon ng isang tanda na Kanya mismong gagawin 'yun. Hayan nga sila sa paglalakbay nila, patungo dun sa pangakong lupain, na dakong ipinangako sa kanila ng Diyos. At heto namang humambalang sa kanila ang Dagat na Pula, at nalagay sila sa alanganin. Di nila alam kung anong gagawin nila. Ipinakita ng Diyos na Siya nga'y gagawa't gagawa ng daan para alpasan ang bawat tukso, bawat pagsubok. Di mo mapigil ang paninigarilyo? Manalig ka sa Diyos nang minsan. Di mo mapigil ang pagsisinungaling, di mapigil ang pagnanakaw, di mapigil ang pagkamainitin mo ng ulo? Panaligan mo ang Diyos na makasama mo kahit isang beses lang. Kapag nakakaramdam ka na ayaw mong magpunta sa simbahan, at animo'y wala kang patutunguhan; panaligan mo ang Diyos na makasama mo kahit minsan, panaligan mo ang Kanyang pangako. Pinatunayan Niya, sa Dagat na Pula, na gagawa at gagawa Siya ng daan para makaalpas. Ang Diyos ay nagbigay ng maraming tanda.

81 Noong gabing 'yun nung sabihin Niya sa mga pastol, "Kayo nga'y dumako sa Betlehem, dahil sa araw na ito'y isinilang si Cristo ang Tagapagligtas. Si Cristo, ang pinahirang Diyos, ay sa araw na ito'y isinilang ng isang babae." Ang Diyos!

82 Hindi nga natin pinagiging diyos ang babae na ito, siyanga. Hiniram lamang ng Diyos ang sinapupunan ng babae, sa kung papaanong gayon ding paraan na hinihiram Niya ang katawan na *ito* para maipangaral ang Ebanghelyo. Sa gayon din ngang paraan na hinihiram Niya ang inyong katawan, para gawin ang gawain na ibig Niyang gawin sa pamamagitan n'yo, dahil Siya pa rin si Emmanuel, isang tanda, ang Diyos ay nasa Kanyang bayan. Nananahan ang Diyos kasama ang Kanyang bayan, ang super, na walang hanggang tanda. Hinding-hindi ito mabibigo. Ito'y magiging tanda sa tuwina.

83 Nababanggit n'yo ang ibang mga tanda, papaano naman itong isang ito? Bago kayo magkamit ng iba pang tanda, na tanda ng pagsasalita sa iba't ibang wika, tanda ng pagsasalita ng propesiya, tanda ng kung ano pang sobrenatural, narapat lamang na bumalik kayo sa orihinal na tanda, ang Walang Hanggan at walang katapusang tanda. Doon kayo tumuon nang diretso, bilang panimula, at sa ibabaw ng pinagsasaligan na 'yun, na Bato ng lahat ng mga kapanahunan, ay walang kahit na anuman mismo ang makasasaling nun. Mga pintuan man ng Impyerno'y laban dito, pero di mananaig. Kunin n'yo ang tanda na 'yun, "Isang dalaga ang maglilihi, at magsisilang ng isang Anak na lalaki."

84 At sinabi Niya sa mga pastol na naroon, "Sa ganito ninyo Siya masusumpungan. Siya'y naroon sa isang sabsaban, sa isang kuwadra, nalalampinan ng basahan. At sa pagkasumpong ninyo sa Kanya, manampalataya kayo, dahil Siya ay Diyos na nasa kalagitnaan natin."

85 Ang tanda na 'yun ay di lang para sa mga pastol. Haya't ibinigay 'yun para sa buong sanlibutan, na matunghayan Siya at makita kung sino Siya. Ang Diyos nga 'yun na kasama natin, Emmanuel.

86 Noong narito pa Siya noon sa lupa, pinatunayan Niya na Siya ay Diyos. Pinatunayan na ang Diyos ay nasa Kanya, dahil yaong mga tanda ng Diyos ay lumalakip sa Kanya. Ang sabi pa nga Niya, "Kung di Ko ginagawa ang gawain ng Aking Ama, kung ganoo'y huwag ninyo Akong sampalatayanan. Pero kung ang ginagawa Ko ang gawain ng Aking Ama, kung hindi ninyo Ako masampalatayanan, sampalatayanan ninyo ang mga gawa, ang tanda." Emmanuel! "Ako at ang Aking Ama ay iisa. Isinugo Ako ng Aking Ama. At kung papaanong isinugo Niya Ako, ay gayon din na isinusugo Ko kayo. Ang Ama, na siyang nagsugo sa Akin, ay kasama Ko. Siya'y nasa Akin at ginagawa mismo ang Kanyang gawa. Ito'y Diyos na nasa laman."

87 Hindi ba't nabigyan ng kaunting pasilip nun si Lot bago 'yung pagwasak? Noong, makita niya ang Diyos na nasa laman, kumakain ng baka, umiinom ng gatas ng baka, kumakain ng tinapay na hinango mula sa hurno, at naroon na nakatalikod

ang likod Niya sa tolda, at ginamit pa ang panghalip na panao na "Ako." "Ako, yamang nasumpungan si Abraham na siyang tagapagmana ng mundo, Ako . . . " Sa madaling sabi, "Akin nga itong ipaaalam sa kanya."

88 Sino Siya? Pagkatapos ay sinabi Niya, "Abraham, nasaan ang iyong asawang, si Sarah?" Ikinagulat niya 'yun. Heto ang Diyos, na paunang paglalarawan ni Cristo, ay nasa laman.

Sabi, "Siya'y nariyan sa tolda, sa likod Mo."

Tumawa si Sarah. At sabi Niya, "Bakit tumawa si Sarah?"

89 Noong si Emmanuel ay mapaging sa pamamagitan ng sinapupunan ng isang babae, sa halip na magpakita bilang isang theophany, ang sabi Niya, "Kung papaano sa mga araw ni Lot, ay ganoon din sa pagdating ng Anak ng tao."

90 Noong naparito Siya noon sa lupa, ang mga alagad nga'y humayo kasa-kasama ang Ebanghelyo, na yaong mga Anghel ay tumunghay mula sa mga pasilyo ng Langit, sa buong haba ng pasilyo ng Maluwalhating Lupain, para tingnan Ito. Sa inyo po riyan na naglilista ng Kasulatan, haya't nakikita ko kayo na nagsusulat, Unang Timoteo 3:16. "Walang pagtatalo dakila ang hiwaga ng pagka-Diyos: ang Diyos ay nahayag sa laman, sinampalatayanan sa sanlibutan, nakita ng mga Anghel." Ang mga Anghel ay tumunghay para makita ang Diyos. Noong sa una'y iwinawagayway lamang nila ang kanilang bandera sa Kanyang harapan, sumisigaw ng, "banal, banal, banal," noong nakapuwesto Siya sa Dakong 'yun, na isang Haliging Apoy, sa mga kaluwalhatian ng Langit. At noong Siya'y maging tao, ang mga Anghel ay pumaroon at tumunghay para makita Siya, si Jehovah, na napasa-laman. Tunay, "Walang pagtatalo dakila ang hiwaga ng pagka-Diyos."

91 "Bibigyan Ko kayo ng walang hanggang tanda," dahil ang Diyos ay napasa-laman sa kalagitnaan natin. Nanahan Siya sa laman. Ito'y magiging walang hanggang tanda. Hindi lang dun sa mga pastol noon na tumunghay at nanampalataya, bagkus sa inyo rin Branham Tabernacle, at para sa masamang mundo na ito, nang sa gayon ay makasampalataya na 'yun ay Diyos. Ang Diyos ay ibinigay ang tanda na 'yun. Sinabi ni Jesus, "Kung papaano na ang buhay na Ama ay isinugo Ako, at sumama sa Akin, at nasa Akin; gayon din na isinusugo Ko kayo, na ang buhay na Ama'y sumama sa inyo at mapasa inyo sa tuwina, na isang walang hanggang tanda. Ang mga tanda na ito'y lalakip sa kanila na magsisisampalataya. Narito, Ako'y sasama sa inyo, at sasainyo, hanggang sa dulo ng mundo. Ako'y sasama sa inyo. Sa dulo man ng mundo, Ako'y paririyan kasama ninyo."

92 May isa ngang tao, gaya ng nabanggit ko na sa inyo noon, haya't gustong gawin Siyang isang maliit, na munting Diyos. Siya'y tao; gumagamit ang Diyos ng tao. Hayan ang Diyos na gumagamit ng isang laman na nilikha Niya, Mismo, nang

sa gayon ay lumikha sa pamamagitan Niya, "At magdala sa Kanya ng maraming mga anak," na ang sabi pa ng Kasulatan, "sa pamamagitan ng mapagtalimang Anak. Sa pamamagitan ng isang anak, ang lahat ay nahulog. Haya't sa pamamagitan ng mapagtalimang Anak, ang lahat ay mabubuhay, na mga sumasampalataya."

"Ang Diyos na kasama natin," isang tanda, ang sabi pa'y 'yan ang magiging tanda. Ganoon na lamang Siyang nalulugod na ituring ang Sarili na "Anak ng tao," na Siya Mismo'y tao, na anupa't isang tao. "Ako'y walang anuman; ang Anak ay walang magagawa sa Sarili Niya." Siyanga't sa pamamagitan ng Ama na naroon sa Kanya, ang Emmanuel, ang Diyos.

93 Yaong—yaong sanggol, Diyos, ang Diyos na Jehovah. Yaong munting sanggol na 'yun na umiiyak, 'yun si Jehovah. Nakikita n'yo na ba? Ang Diyos ay nananahan sa isang sanggol.

94 Ang Diyos ay nananahan sa isang kabataan. Anong klaseng kabataan Siya? Nagpakita Siya ng huwaran. Noong maiwala Siya ng Kanyang tatay at Kanyang nanay, kung saan-saan sila naghanap para masumpungan Siya, at nasumpungan nila Siya sa loob ng templo. Anong sinabi Niya, bilang isang kabataan? "Hindi ninyo baga nalalaman? Hindi baga ninyo nalalaman na Ako nga'y dapat na narito sa gawain ng Aking Ama?" Huwaran para sa mga kabataan.

95 Hayan bilang isang tao, na anupa't lahat na ng karangyaan ng sanlibutan ay iniaalay sa Kanya, ang lahat nga'y inilapag sa mismong mga kamay Niya, para maging pinaka dakila sa lahat ng mga tao, pinaka mayaman sa lahat ng mga tao; heto Siya na nasasabi sa mga tao kung saan makakatagpo ng mga isda na may barya sa bibig ng mga ito, magagawang magpabukal ng tubig mula sa mga balon at gawin 'yung alak, na magagawang papaging ibahin ang anumang bagay na nais Niyang ibahin; na magagawang kumuha ng limang tinapay at pakainin ang limang libo. Hayan nga ang kapangyarihan na nasa mga kamay Niya mismo para maging dakilang tao, pero mas pinili pa rin na maging mahirap. Ni walang libingan nung Siya'y mamatay. Kinailangan pa Niyang manghiram mismo. "Si Emmanuel, ito ang magiging tanda." Sa ano ngang paraan naparito ang Diyos? Sa mahihirap. Papaano nakipag-ugnay ang Diyos? Ito nga'y magiging walang hanggang tanda, sa mga mahihirap, mga salat sa pinag-aralan.

96 "Isang tanda," ang sabi ng dakilang propetisang, si Anna, noong itaas ni Simeon ang kanyang mga kamay sa may templo noon, at hawak-hawak noon ang munting Ito na nakalampin ng basahan. Ang sabi ni Anna, "Isa itong tanda na kung anu-ano na masama ang ipaparatang, para sa pagbagsak ng Israel, pero sa paglalakip-lakip muli, rin, na isang Liwanag sa mga Gentil."

97 Ano? "Ang Diyos ay kasama natin," hindi sa mayayaman at sa mga mapagmataas, bagkus sa mahihirap. Isinilang sa isang sabsaban, "Ang Diyos ay kasama natin." Anu-anong klaseng mga bagay ang ginawa Niya? Masdan n'yo ngang maigi itong mga bagay Niya na sinabi Niya. Masdan n'yo Siya, kung ano ang sinabi Niya.

98 Hayan nga't, sinabi Mismo ng Diyos, "Ito ang sinisinta Kong Anak, inyo Siyang pakinggan. Ito ang Aking Anak na kinalulugdan Kong panahanan. Pakinggan ninyo Siya." Ang sabi Niya, "Ako'y sasama sa inyo sa tuwina, hanggang sa huli."

99 Isinugo Niya ang Kanyang mga alagad. Pinaningas nila ang mundo, noong panahon nila, bilang Diyos na kaisa sa tao. Binautismuhan nila ang mga tao sa Pangalan ng Diyos na 'yun, na si Jesus Cristo. Sila'y nabuhay na ganoon na lamang kalapit sa Kanya anupa't Kanyang inihayag ang Kanyang Sarili sa kanila, sa pamamagitan ng mga tanda't kababalaghan at mga kaloob ng Espiritu Santo. "Ang Diyos ay kasama natin." Sila nga'y nangaral na may iisang tunay at buhay na Diyos.

100 Ang tao nga'y nagsipagtayo ng lahat na ng uri ng mga tore para raw sa tatlo o apat na diyus-diyosan, o dalawang diyus-diyosan, pero nag-iisa lamang ang Diyos. Ang Mensahe na 'yan ay kinakailangan na maipanauli uli sa huling araw.

101 Mainam na panahon na nga para pagbulayan n'yo na itong maigi, buksan n'yo ang inyong mga puso. Hilingin n'yo sa Diyos na ihayag na ito sa inyo, itong bagay na sasabihin ko na sa inyo.

Sa pagparito Niya, tinupad Niya ang sinabi ng propeta.

102 At sa pagparito Niya sa huling mga araw, sa huling mga ulan ng Diyos, kapag kapwa una't huling ulan ay bubuhos, Siya ay paririto nang sakto sa pamamaraan na iprinopesiya 'yun patungkol sa Kanya. "Mangyayari na sa oras ng gabi ay Magliliwanag." Anong mangyayari? Si Emmanuel, ang siya ring Anak, ang siya ring Liwanag, ang siya ring Diyos na pumarito para manahan sa laman, kasama ang Kanyang bayan sa Araw ng Pentecostes, ay paririto sa ganoon ding parehong paraan sa huling mga araw, sapagkat mangyayari na sa oras ng gabi ay Magliliwanag. Ano 'yun? Magkakaroon ng tanda, isang walang hanggang tanda: ang Diyos na kasama natin, ang Diyos na sumasa atin, ang Diyos sa pamamagitan natin. Ang tao at Diyos ay maglalakip. Namatay si Jesus, na Kanyang ibinigay ang natatanging Buhay, sa Kanyang pasya. (Sa Mensahe nung nakaraang Linggo.) Dahil, ibinigay Niya 'yun bilang pasya, na Kanyang madala ang maraming mga anak patungo sa Diyos. Si Emmanuel na kasama natin. Ang bayan ng Liwanag sa gabi, ito nga'y hahatakin sila papalapit.

103 Noong magbigay ang Diyos ng tanda, "Ito ang magiging tanda. Ang Diyos ay mananahan sa laman." Nilayon Niya na hahatak 'yun ng mga tao papalapit. Napangyari nga. "Yamang

ang lahat ng sa Kanya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban Niya sila ng Karapatang maging mga anak ng Diyos."

104 At nilayon nga 'yun na hatakin papalapit ang bayan ng Liwanag sa gabi sa pagpapakita ng siya ring Liwanag na 'yun. Ang Diyos at si Cristo ay iisa. Sabi ni Pedro, "Pagkatalastasin ninyo, na ginawa ng Diyos ang siya ring Jesus na ito, na Siyang inyong ipinako sa krus, na kapwa Panginoon at Cristo." Isang tanda, na kung anu-anong masama ang ipinaparatang, subalit ang mga Liwanag sa gabi ay hayang narito na.

105 Heto nga ang isang ministro ng Ebanghelyo na pumanaw na, na nung panahon na paunang bumubuhos ang pentecostal na mensahe, ang pumanaw na na si Dr. Haywood, noong bago lang. . . Siya, sa tingin ko, di pa . . . Marahil noong panahon na nasa hustong kainaman siya, isang araw noong ang Espiritu Santo'y sumagi sa kanya. Isa siyang makata, maliban pa sa pagiging mangangaral. Dinampot niya ang kanyang panulat at isinulat ito.

> Mangyayari na sa gabi ay magkakaroon ng Liwanag,
> Ang tahakin sa Kaluwalhatian ay tiyak mong masusumpungan;
> Dito sa daang tubigan na siyang Liwanag ng kapanahunan,
> Nailibing ka nang buong-buo sa minamahal na Pangalang Jesus.
> Kaya mga bata't matanda, mangagsisi kayo sa pagkakasala,
> Tiyak na paparito lulukob ang Espiritu Santo;
> Sapagkat heto na ang Liwanag sa gabing magdamag,
> Di maikakaila ang totoo na iisa ang Diyos at si Cristo.

106 Ang mga Liwanag sa gabi! Kung tayo ay lumalakad sa Liwanag ng gabi, sa tanda sa gabi, kung ganoon ay mangyaring ito rin ang siya ring Liwanag na 'yun at siya ring tanda, isang Walang Hanggang tanda. Kung kaya naman ang siya ring mga tanda ay lalakip sa Liwanag sa gabi. Whew! Nakikita n'yo na ba Ito? Nauunawaan n'yo na ba Ito? Yan po ang Mensahe para sa Paskong ito. Ang mga Liwanag sa gabi, ang mga tanda ng Mesiyas na kasamang lumalakip Dito, lumalakip sa Mensahe. Ang mga Liwanag sa gabi ay narito.

107 Kung anu-anong masama ang ipinaparatang Dito. Kanila kayong tatanggihan, mga kapatid n'yo. Sino bang tumanggi sa Kanya noon? Kanyang mga kapatid. Gustung-gusto nilang makita Siya na nagpapamalas ng mga himala. Pero pagdating na dun sa Kalbaryo, nasaan nga silang lahat? Doon sa mismong mahalagang sandali, kung saan ang Diyos sa Katotohanan Niya

at Kanyang Biblia ay maihahayag na, nasaan sila noon? Wala sila't nasa malayo.

108 "May isang tanda na ibibigay sa inyo. At ang mga tanda na ito'y lalakip. Ang mga gawa na Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo; anupa't higit pa rito, sapagkat Ako'y tutungo sa Aking Ama."

109 "Magliliwanag muli sa oras ng gabi." Oh, itong madilim na panahon na pinagdadaanan natin! Pero hayan nga't sa loob ng apatnapung taon ang mga tumatakip na ulap ay nahahawi na, sa pamamagitan nung unang pagpapanauli, ng paghahayag ng Mensahe na ang Diyos at si Cristo ay iisa, na ang Diyos ay nahayag sa laman. Haya't pinili Niya na manahan sa laman ng tao. At sa panahon nga ngayon ay pinapalabas nila na Siya'y kung ano lang na nakaupo sa trono, ginagawa nila Siyang kung anong bagay ng malaong kasaysayan, may iba nga na iginigiit nilang maliitin Siya't isang pilosopo lamang daw, may ilan na iginigiit nila na Siya'y propeta lang. Pero, kapatid, Siya nga'y Diyos na nasa inyo, ang Diyos na nahayag sa laman. Paano?

110 Papaano nila nalaman na Siya'y Diyos sa laman? Ang sabi Niya, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung gayon ay mali ang sinabi Ko sa inyo. Subalit kung ang ginagawa Ko ay ang mga gawa ng Aking Ama, inyo nga itong sampalatayanan."

111 At ngayon ang siya ring bagay na 'yun. Ang Mensahe ay ipinanauli sa huling mga araw, ang Mensahe kung Sino Siya, kung ano Siya. Si Emmanuel nga na nananahan sa loob n'yo, kamit ang siya ring mga gawa na Kanyang ginawa noon, haya't inihayag ang Sarili sa pamamagitan ninyo, ang siya ring mga bagay na Kanyang ginawa noon. Ito ang Liwanag sa gabi. Ito nga 'yung pinararatangan lagi ng masama. Ito nga 'yung daan na mahirap.

112 Ganoon na lamang ang halaga nito doon sa mayaman na binatang pinuno, na anupa't ang puso niya'y nagugutom, haya't lumapit siya kay Jesus, at nagsabi, "Rabi, ano po ang aking gagawin upang kamtin ko ang Buhay na Walang Hanggan?"

Sabi, "Sundin mo ang Mga Utos."

Sabi niya, "Ginawa ko na po ang mga ito mula pa nung pagkabata ko."

Sabi, "Ninanais mo bagang maging sakdal?" Sabi, "Sundan mo Ako."

113 Pero tumalikod nga ang binata na lungkot na lungkot. Ang katumbas na halaga kasi'y napakalaki. Kung ang katumbas lang ay 'yung magbibigay ang binata ng salapi sa Kanya at magpapatayo ng isang malaking simbahan kung saan, na ang gagawin lang nung binata'y umanib siya na miyembro, madali sana niyang magagawa 'yun. Hindi ba't nakikita n'yo rin 'yan

na ganyang-ganyan ang pagkakatulad ngayon sa mayayaman? May iba pang tao na ganito rin.

114 Hindi lang mayayaman, maging mahihirap din; marami sa kanila na nasa lusak, at kung ano pa, na tumatanggi sila dahil sa kasikatan. Anupa't, hindi Siya sikat. Siya si Emmanuel. Sabi nila, "Kasiraan 'yan. Sa—sa diyablo 'yan. Pagbabasa lang 'yan ng isip. Yan—'yan nga'y Beelzebub." Heto nga ang mga tagapag turo ng panahon na 'yun, na ang mga simbahan nila'y malalaki, na ang sabi, "Kalokohan."

115 Pero ang sabi ng Diyos, "Ito'y Walang Hanggang tanda, ang super na tanda, ang pinaka tanda sa lahat ng mga tanda, na ang Diyos ay kasama n'yo, na anupa't sasa inyo, hanggang sa katapusan ng mundo." Hayan nga ang inyong super na tanda. Hinihigitan Nito ang lahat ng mga tanda. Ito ang unang tanda. Mga Gawa 19, ang mga tao'y babalik at babalik at kikilalanin ang tanda na 'yun, bago nila matanggap ang Espiritu Santo, Mga Gawa 19:5. Anupa't, ang isang mananampalataya na dala ang Biblia, at may mainam na mangangaral na pinatutunayan na si Jesus ang Cristo, anupa't bago sila makalapit papasok Dito. . . At ang makita ang tanda, kinakailangan nilang lumapit at magpabautismong muli, na mapatungan sila ng mga kamay at tanggapin ang Espiritu Santo. Ganoon nga 'yun.

116 Anupa't sa panahon ng Gabi, narito mismo ang Liwanag. At nililibak Ito. Pinagtatawanan Ito. Pinararatangan Ito ng masama. Sinabi ng propeta na Ito'y pararatangan ng masama, "Isang katitisuran." Pararatangan ng masama, kukutyain, lilibakin; si Emmanuel na nasa atin, ginagawa ang kalooban Niya sa pamamagitan natin.

117 Oh, ngayon, kapatid kong lalaki na naglalakbay, kapatid kong babae, sampalatayanan n'yo ang tanda. Tumuon kayo sa sabsaban ng sarili n'yong puso, at tingnan kung handa na kayo na sabihin ito sa sarili n'yo. Tingnan n'yo ang tanda na nakita ng mga pastol. Ang Diyos sa laman, nananahan sa mahihirap, sa mga nangangailangan, sa mga itinatakuwil. Tingnan n'yo kung magagawa n'yo na Itong unawain. Ang Diyos sa inyong puso, ang Diyos na *narito*. Tumuon kayo at tingnan kung Siya ba'y inihahayag na ang Sarili nang naaayon, na may kaluguran at kaamuan, gaya ng ginawa Niya noon.

118 Mga ilang taon pa lang ang nakalilipas, may isang binibini na pumasok sa kolehiyo, at napakarami nga niyang naging mga kasamahan dun, na anupa't para bang nagbago siya't naging isang animo'y alam ang lahat, mula sa makalumang pagtuturo sa kanya dun sa probinsya, ng kanyang nanay sa bahay nila sa probinsya. At isang araw napagpasiyahan nung binibini, nang makalipas ang dalawang taon, na bumisita sa nanay niya uli. Sinulatan ng binibini ang nanay niya ng telegrama at nagbilin sa nanay niya na siya'y darating sa ganito-ganitong tren, para

salubungin siya sa may istasyon. Hayan din, na nagpasama siya sa isang kasamahan na animo'y alam din ang lahat. At ang binibini nga'y naging animo'y alam-alaman din ang lahat, siya mismo. At heto nga't nagsama siya ng animo'y ganoon din, na mistulang isa na hinubog at sinanay ng modernong-panahon, na isang alam-alaman ang lahat, na kabataang babae.

119 At nung dumating na ang binibini sa may istasyon, nung pababa na siya ng tren, tumingin siya. At doon nga'y nakatayo ang nanay niya, tinitingnan siyang maigi, para makita kung ito na ba ang anak niyang babae. At nung 'yung babae na kasama nung binibini'y, 'yung nanay. . .nung makita 'yung mukha ng nanay na puno ng peklat ang buong mukha, at ang mga kamay nito'y lapnos na lapnos. At ang nanay nga'y kalunus-lunos ang itsura, matanda na, at mukhang kalunus-lunos ang itsura. At 'yung babae na kasa-kasama nitong munting Mary, ang sabi ba naman sa kanya, "Sino kaya 'yang matandang kahindik-hindik ang itsura na 'yan?"

120 At 'yung binibini'y nahiya para sa kanyang nanay. Sabi niya, "Di ko alam. Di ko siya kilala."

121 At 'yung nanay, nung makita niya ang anak niyang babae, tumakbo siya papalapit sa kanya at yumakap sa kanya, at nagsimulang humalik-halik sa kanya.

122 Itinulak siya palayo nung binibini, ang sabi, "Di kita kilala. Napagkamalan mo lang ako na ibang tao," dahil ayaw nung binibini na maikaugnay siya sa isang tao na ganoon ang itsura na pagtatawanan at tutuyain ng mga iba pa roon.

123 Mangyaring may isang lalaki, 'yung kundoktor sa tren, na nakatayo roon. Pinigil niya 'yung binibini sa may balikat. Sabi ng kundoktor, "Mahiya ka sa sarili mo, ikaw na kahiya-hiyang bata! Tandang-tanda ko pa ang pangyayari noon."

124 At nagpuntahan dun ang mga tao para makiusyoso kung anong nangyayari. At hawak-hawak nung kundoktor yaong binibini, at ang sabi nung kundoktor, "Ang kabataang babae na ito, noong wala pa siyang anim na buwang gulang, naroon siya noon sa munti niyang kuna sa itaas ng bahay nila. At ang kalugud-lugod niyang nanay, ang pinaka magandang babae na nakita ko kailanman," sabi nung matandang kundoktor. Sabi, "Nahagip ng apoy ang bahay nila habang nagsasampay ng mga nilabhan ang nanay niya. At ang mga kapitbahay ay nagsipag takbuhan na't, nagsisisigaw. Nakita nila ang sunog. Di 'yun napansin nung nanay. Nandun 'yung sunog sa balkonaheng bahagi nung bahay. At 'yung apoy ay talagang kumalat na dun nang husto, at 'yung bahaging 'yun ay nilamon na nang husto."

125 At ang sabi, "Di mapigilan nung mga tao 'yung nanay na takot na takot. Naroon kasi sa itaas nung bahay 'yung anak niyang sanggol." At sabi, "Nag-iyakan na 'yung mga tao, 'Di mo kayang suungin ang mga—ang mga apoy na 'yan.' Pero ang nanay

nga'y hinablot 'yung kumot na hawak-hawak niya sa kamay niya, na isinasampay niya, at basang kumot nga 'yun. At ibinalot niya ang kumot sa sarili niya, at sinuong ang apoy, at nagpunta sa itaas ng bahay, na di iniisip kung mapapahamak ba siya. Tapos nung makarating na siya roon sa itaas, alam niya sa sarili niya na di niya magagawang ibalot 'yung kumot sa sarili niya sa pagbalik niya uli. Bagkus, para mailigtas ang kagandahan ng kanyang anak na babae na susunod sa kanya, kanya ngang ibinalot ang sanggol sa kumot, at sinuong ang mga apoy, na walang nagproprotekta sa kanyang mukha't mga kamay at mga braso. At nilapnos nun ang laman sa katawan niya, at nalusaw ang mga pisngi niya't abot hanggang sa buto niya sa mukha, at sunog na sunog siya, nasunog maging 'yung buhok niya, at 'yung —'yung . . . lahat ng mga buto niya sa daliri niya."

126 Sabi, "Pumangit ang nanay, nang sa gayon ika'y gumanda. Isinuko niya ang kanyang kagandahan, isinuko niya ang lahat-lahat na mayroon siya, para mailigtas ka niya. At tapos tatayo ka riyan at ikahihiya ang kalugud-lugod mong nanay?"

127 Kapatid, hetong nakikita ko mismo ang Diyos, ang Diyos ng Langit, na isinuko ang Kanyang luklukan, ang Kanyang kagandahan, at lahat ng kung ano Siya; para maipanganak sa ibabaw ng tumpok ng dumi ng hayop, malampinan ng basahan, na maging tampulan ng katatawanan dahil sa Kanyang mga tanda't Kanyang mga kababalaghan, na pinaratangan pang isang diyablo; ikahihiya ko ba Siya? Hindi, po. Hayaan n'yo lang ang mundong ito na mahilig sa kabighanian na gawin lang nila ang gusto nilang gawin. Para sa akin, Siya nga ang super na tanda. Ang Espiritu Santo sa kaibuturan ko'y sumisigaw. Magmimistula ako Rito na kakatwa ang ikinikilos at animo'y isang baliw, sa pananaw ng sanlibutan, pero hinding-hindi ko nga Siya magagawang itatwa na Siyang gumawa nang lubos-lubos para sa akin. Kinuha Niya ang dapat sana'y puwesto ko roon sa kamatayan. Kinuha Niya ang dapat sana'y puwesto ko roon sa Kalbaryo. Ginawa Niya ang lahat ng mga ito. Bumaba Siya mula sa Langit, nanggaling mula sa mala-perlas na puting mga luklukan, para maging tao; para batahin ang paghihirap ko, para dumaan sa aking mga tukso, para maalaman kung paano maging tamang uri ng tagapamagitan para sa akin, para ako'y mapangunahan at mapatnubayan patungo sa Walang Hanggang Buhay. At sa pamamagitan ng Kanyang dinanas na hirap, ako'y pinaging mayaman. Sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan, ako'y napagkalooban ng Buhay, Walang Hanggang Buhay.

128 Huwag n'yong itatwa Siya. Huwag n'yo Siyang ikahihiya. Huwag n'yo Siyang ikahihiya. Bagkus yakapin n'yo Siya, at sabihin, "Siyanga po, Minamahal kong Panginoon, Iyo pong ipagkaloob nawa sa akin ang natanggap nila roon sa Araw ng Pentecostes, Panginoon. Iyo pong ibigay sa akin ang Espiritu Santo. Iyo pong ibuhos Ito sa aking puso. Di ko alintana ano man

ang sabi-sabihin ng mga kabataan. Di ko alintana anuman ang sabihin ng mundo. Di ako nakatuon sa kanila. Nakatuon po ako sa Iyo." Ano 'yun? Pag-anib ba sa iglesya? Hindi. Isang super na tanda, si Emmanuel, ang Diyos na kasama natin.

Manalangin tayo.

129 Sa mga narito na dumalo sa umagang ito, mayroon ba rito na nagnanais na magsabi, "Para sa akin, hiyang-hiya ako sa buhay ko. Hindi ko Siya ikinahihiya. Ikinahihiya ko ang buhay ko," nang sa gayon makapaghandog sa Kanya na pinaging di kaaya-aya, at hinahamak ng mundo?

130 "Isang Tao sa kapanglawan, bihasa sa karamdaman. Lahat tayo'y ikinukubli natin ang ating mga mukha mula sa Kanya," sabi ng propeta. "Siya'y hinamak at itinakuwil. Anupa't, atin Siyang pinahahalagahan sa paghampas at pagkasakit ng Diyos. Anupa't, Siya'y nasugatan dahil sa ating pagsalangsang, at nasugatan dahil sa ating mga kasamaan; ang parusa ukol sa ating kapayapaan ay iniatang sa Kanya, at sa mga latay Niya tayo'y pinagaling."

131 Ikahihiya n'yo ba Siya? Kung ganyan kayo, halikayo rito sa may altar at magsisi sa inyong kasalanan. Kung di n'yo Siya ikinahihiya, at ikinahihiya n'yo ang buhay n'yo na inihaharap n'yo sa Kanya, na anupa't kahindik-hindik na bagay nga. Kayo nga'y nagagawa n'yong mahiya't maraming beses pa nga, sa harap ng amo; sa harap ng kaibigan n'yong babae, sa harap ng kaibigan n'yong lalaki, sa harap ng kasintahan n'yong babae o kasintahan n'yong lalaki. Nagawa n'yo mismong ikahiya Siya, si Emmanuel na nananahan sa inyo. Itaas n'yo ang inyong mga kamay at sabihin, "Diyos, Iyo pong patawarin ako dahil aking ikinahiya Ka."

132 Aming Panginoon at aming Diyos, may pagpapakumbaba at may pagkagiliw na humihiling kami sa Iyo na tanggapin ang aming paghingi ng tawad, sa umagang ito, para sa lahat ng aming mga pagkukulang, para sa aming lahat dito sa panahon na nagkakasala kami. Aminado kami sa pagtayo namin noon sa Katotohanan. Aminado kami sa pagkakamali namin. Sa mga panahon na binabansagan kami ng mga tao ng kung anu-anong masasamang bansag, gaya ng, oh, "holy-roller," o kung anong masamang paratang na hindi naman, na anupa't kung minsan ay napapaatras kami katulad ni Pedro noon at nakikisalo kami na nakikipainit sa apoy ng kaaway. Iyo pong patawarin kami, Panginoon.

133 Ang bagong taon ay papasapit na sa amin. Nawa kami'y makapagsimula sa mismong oras na ito, at makita namin ang super na tanda ng Diyos na nasa kalagitnaan namin, na ang Diyos ay nabubuhay kasama namin, nananahan sa amin, na nagpapamalas, gumagawa ng saktong kung sa anong paraan ang

ginawa Niya noon. At ang Liwanag ng gabi ay hayan nga pong narito na.

Iyo pong patawarin kami sa mga pagkukulang namin. Iyo pong patawarin kami sa mga pagkakasala namin.

134 At nang may buong paggiliw, Panginoon, na amin ngang tinatanggap ang Iyong Pamaskong Kaloob, ang Anak ng Diyos, na manahan sa aming laman, sa aming alabok, na manahan sa piling namin, nililinis ang Kanyang daan sa pamamagitan ng Kanyang Sariling Dugo, at nagbibigay sa amin ng katiyakan ng Walang Hanggang Buhay. Pinasasalamatan Ka namin. Aking pinasasalamatan Ka, Panginoon, para sa dakila't kamangha-manghang Kaloob na ito na galing sa Diyos, dahil Ito'y isang kaloob, isang kaloob ng Espiritu Santo, na ganap na ibinalot sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Ikinagagalak namin na Ito'y aming matanggap. Pinasasalamatan Ka namin dahil ang aming iglesya'y nakatindig sa tanda na ito, dahil ang tanda mismo'y tumitindig sa Turo ng Iglesya. Tinatayuan po namin Ito. Ito nga'y tumatayo para sa amin. At ito'y maalaman sa gitna ng mga sangka-Cristianuhan sa buong mundo ngayon, na heto ang mga mahihirap, na salat sa kaalaman na mga tao rito sa 8th at Penn Street, sa Jeffersonville; na si Emmanuel, ang Haliging Apoy mula sa ilang, si Jesus ng Galilea, ang Espiritu Santo ng Pentecostes, ay nahayag mismo sa pamamagitan ng lahat ng mga tanda ni Emmanuel sa mga Liwanag sa gabi. Ganoon na lamang ang pasasalamat namin, Panginoon. At nawa'y makita rin Ito ng iba't matanggap Ito. Sapagkat, hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus, at alang-alang sa Kanya at alang-alang sa Iglesya. Amen.

135 Kung may boses lang sana ako ng isang mang-aawit. Kung may boses lang sana ako ng isang mang-aawit ngayon, aawitin ko po itong isang awitin sa inyo na paborito kong himno, na isinulat ng kalugud-lugod kong kaibigan, na si William Booth-Clibborn.

> Nanaog mula sa Kanyang kaluwalhatian, isang kasaysayang di mapaglulumaan,
> Naparito ang aking Diyos at Tagapagbigay ng kaligtasan, at Jesus ang Kanyang Pangalan.
> Isinilang doon sa sabsaban, sa sariling bayan Siya'y naging isang dayuhan,
> Ang Diyos ng kapanglawan, ng mga luha't pagdaramdam.
>
> Oh lubos ko Siyang sinisinta! Lubos ko Siyang sinasamba!
> Aking Buhay, aking ligaya, aking lahat-lahat!
> Ang dakilang Manlilikha ay naging aking Tagapagligtas,
> At ang Diyos sa buong kapuspusan ay sa Kanya nga'y nanahan.

Ganoon na lamang ang kababaan, na nagdala
sa amin ng katubusan;
Na sa kalaliman man ng gabi, wala ni isa sa
amin ang makitang nanghihina sa lunggati;
(Pagkatapos ang sanga-sangang kidlat ay
dumating!)
Ang Diyos, na pinaka mayaman, sa kaluguran,
isinantabi ang Kanyang kaningningan,

Nagpakababa patungo sa sabsaban, sa isang sabsaban na puno ng dumi ng hayop, para doon maisilang.

Nagpakababa para suyuin, akayin at sa ligtas
ay dalhin ang kaluluwa natin.

Oh lubos ko Siyang sinisinta! Lubos ko Siyang
sinasamba!
Aking Buhay, aking ligaya, aking lahat-lahat!
Ang dakilang Manlilikha ay naging aking
Tagapagligtas,
At ang Diyos sa buong kapuspusan ay sa Kanya
nga'y nanahan.

136 At pagkatapos Siya'y sumasa akin, at ako'y sumasa Kanya. At sa inyo. . . "Sa araw na iyon, matatalastas ninyo na Ako'y sumasa Ama, at ang Ama'y sumasa Akin, at Ako'y sumasa inyo, at kayo'y sumasa Akin," ang Diyos, Emmanuel, kasama natin.

137 Ang Emmanuel na 'yun ang nakita noon si George Wright, na nakaupo riyan sa mga oras na ito; nahimlay noon sa isang dako na mamamatay na sana, noong taningan na siya ng apat na doktor. Ang Emmanuel na 'yun nga, noong kinailangan Niyang humiram ng isang sinapupunan, noong kinailangan Niyang humiram ng isang—isang libingan. Hiniram Niya ang aking mga mata mismo, ang sabi, "Humayo ka't sabihin kay Kapatid na George, 'GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kanyang huhukayan ng libingan ang mga mangangaral na 'yun at kung ano pa na nagtatawa sa kanya.'"

138 Ang Emmanuel na nga 'yun mismo. Yun din ang mismong Iyon, noong mangyari 'yung tungkol sa mga maliliit na mga hayop, sa kakahuyan nung isang araw. Yun din ang mismong isa na Iyon, noong mangyari 'yung tungkol kay Margie Morgan na nakaupo riyan, sa mga iba pa. Yun din ang siyang isa na Iyon na humiram ng pangkaisipang pandama, sa mga pandama ng katawan, para ihayag ang Kanyang Sarili sa mundo ngayon, sa pamamagitan ninyo, habang ang mga Liwanag sa gabi ay nagliliwanag. Ang Diyos nga'y mahabag, kaibigan.

139 Kinakain ko na masyado ang oras n'yo. Subukan natin ito. Bigyan mo kami ng tipa, "O how I love Him!" Ilan po rito ang nakakaalam nito?

O how I love Him! How I adore Him!
My life, my sunshine, my all in all!
The great Creator became my Saviour,
And all God's fullness dwelleth in Him.

[Sinisimulang ihiging ni Kapatid na Branham ang *Down From His Glory*—Pat.]

How I adore Him!
My breath, my sunshine, my all in all!
The great Creator became my Saviour,
And all God's fullness dwelleth in Him.

140 [Sinisimulang ihiging ni Kapatid na Branham ang *Down From His Glory*—Pat.] Ngayon na ang oras para ipakita Niya ang Kanyang biyaya. May nanay idinudulog ang isang munting sanggol dito, na may leukemia, kanser sa dugo nung bata. Aba't ang kasamaan na 'yan sa sanggol na ito?

Diyos, heto po ang tinig ko; Iyo pong bigkasin ang Salita, at 'yun po mismo ang mangyayari.

Dahil, Panginoon, Iyong sinabi, "Sabihin ninyo sa bundok na ito, 'Maalis ka,' Huwag mag-alinlangan. Mangyayari ito."

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, sinasaway ko ang diyablong ito na tinatawag na leukemia. Ang sakit na ito sa katawan ng bata, aalis ito. Aalis at aalis ito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, mangyayari ito.

My sunshine, my all in all!
The great Creator became my Saviour,
And all God's fullness dwelleth in Him.

141 Lubos ko Siyang sinisinta! Di ko nga Ito mabita-bitawan. Ninanais ko, gaya ni Jacob, na panghawakan Ito.

. . . adore Him!
My breath, my sunshine, my all in all!

"Ito'y magiging isang tanda."

The great Creator became my Saviour,
And all God's fullness dwelleth in Him.

142 Hindi ba't kahanga-hanga Siya? Hindi ba't pakiramdam n'yo ay gustung-gusto n'yong sambahin Siya? Sige't manangan lamang sa Espiritu, sige't sambahin lamang Siya. [Sinimulang ihiging ni Kapatid na Branham ang *Down From His Glory*—Pat.] Sige't isantabi n'yo muna ang sarili n'yo. Huwag kayong mahiya. Ang Espiritu Santo'y narito. Hayan po mismo ang Espiritu Santo. Sige't nang may buong kaamuan, sa sari-sarili n'yong paraan.

The great Creator became my Saviour,
And all God's fullness dwelleth in Him.

Hayan nga.

What condescension, bringing us redemption;
(“Ito’y magiging isang tanda.”)
When in the dead of night, not one faint hope in sight;
God, precious, tender, laid aside His splendor,
(Bulayin n’yo ang Kanyang ginawa!)
Stooping to woo, to win and save my soul.

143 Sige’t itaas po natin ang ating mga kamay habang inaawit natin ito.

O how I love Him! How I adore Him!
My breath, my sunshine, my all in all!
The great Creator became my Saviour,
And all God’s fullness dwelleth in Him.

144 Panginoon, marahil di namin makakayang apuhapin ang lahat ng yaman, ang kapuspusan ng Iyong Espiritu, hanggang sa makita namin Siya sa araw na ’yun na Siya’y darating. Kami po’y marahil natutulog na sa alabok n’yan. Ako’y nanumbalik na marahil sa orihinal na alabok sa oras na ’yan, pero di ko nga ’yun ikababahala ni katiting. “Batid ko na Siya’y tatawag, at ako’y tutugon. At pagkatapos ay makikita ko Siya bilang kung sino Siya. Ang nabubulok na katawang ito’y babaguhin at gagawing tulad sa Kanyang Sariling maluwalhating katawan, kung saan magagawa Niyang pasukuin ang lahat ng mga bagay sa Kanyang Sarili.”

145 Sadya ngang magiging lubos-lubos ang pasasalamat ko sa Iyo para sa Pamaskong handog na ito ni Cristo sa aking puso, na mabatid na ’yun pa rin ang siya ring Cristo, dahil ginagawa Niya ang siya ring bagay. Ibinibunsod Niya sa akin na madama at kumilos ng katulad ng ginagawa Niya sa simula, sa lingkod Niya.

146 Lubos ang pasasalamat ko para sa Iglesya sa kabuoan, na may pagtatagumpay, na pauna nang itinalaga, at tinawag, at natatakan, at itinalaga patungo sa Katawan. Nasusumpungan ko sila sa Asya, Aprika, Roma, sa lahat ng dako, Indiana, sa loob ng estado, Aprika. Sa lahat ng dako sa palibot ng mundo, nasusumpungan ko ang Iglesya na ’yun na may katagumpayan, na may kabatiran na Ikaw po’y pumarito sa laman. At Iyo pong sinabi ’yun, “Ang bawat espiritu. . .” Sa Iyo mismong Biblia, Iyo pong sinabi, “Ang bawat espiritu na di ipapahayag ito, ay ang maling espiritu, ang anticristo. Bawat espiritu na hindi ipapatotoo ang siya ring bagay na ito, na si Cristo ay pumarito sa aming laman, ay ang anticristong espiritu.”

147 Ama, Diyos, Iyo pong tulungan ako na—na hatakin ’yung mga sulo ng apoy sa dakong ’yun sa ibayo. Nakikita ko sila, Panginoon, sa ibayo. Nakikita ko ang mga may ketong sa mga pintuan, sa pagtanaw ko sa India sa ibayo, sa Taj, sa pintuan, hayun sila na kaawa-awa’t gumagapang na lamang sa lupa, na

wala silang mga paa. Nakikita ko ang kaawa-awa't munting itim na mga kabataang lalaki doon sa ibayo ng Aprika, na ang munti nilang mga kamay ay muwestrang nagmamakaawa. Oh Diyos, Iyo pong isugo ako, Panginoon. Iyo pong itulot na ang Anghel ay dumating na may dala-dalang baga ng Apoy, na ang aking kaluluwa'y pagningasin, Panginoon, at iwaksi ang lahat ng karumihan at pananamlay palayo, na ako nga'y makahayo bilang isang—isang sulo ng Diyos, para hatakin mula sa apoy yaong mga nasa masalimuot na kadiliman.

148 Iyo pong pagpalain ang aking munting iglesya, Panginoon. Oh, nakikita ko po ang munting hamak na daanan patugaygay rito, at nakikita ko ang kalugud-lugod na mga tao na narito. Hayan nga ang mga tao sa labas sa kanilang pagdaan sa kanila mismong sasakyan, tinatawanan ang mga tao rito, dahil kanila ngang itinataas ang kanilang mga kamay, nagpupuri sa Diyos. Pero darating ang araw na darating si Jesus, at lahat ng mga bagay ay isasaayos sa tama. Hindi kami mahihiya, Panginoon. Kami nga'y kaisa kay Pablo ng unang panahon, at magsasabi, "Hindi ko ikinahihiya ang Ebanghelyo ni Jesus Cristo, dahil Ito ang Kapangyarihan ng Diyos tungo sa pagkaligtas, tungo sa Walang Hanggang Buhay, sa bawat isa na mananampalataya." Iyo pong tulungan kami na mamuhay sa ganoong paraan, Ama. Amin Ka nga pong sinasamba sa Espiritu, sa Makalangit na mga dako. Pinasasalamatan Ka namin para sa pagbisita na ito sa umagang ito. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

149 Sige po't minsan pa, kung mamarapatin n'yo?

O how I love Him! How I. . .

Panginoong Jesus, . . .? . . . sa Pangalan ni Jesus.

. . . my all in all!
The great Creator became my Saviour,
And all God's fullness dwelleth in Him.

150 Talagang lubos ang pagnanais mo sa Kanya, hindi ba, Doe? [Sinasabi ni Delores, "Opo."—Pat.] Hayan nga po ang kapatid kong babae, kapatid kong babae sa laman. "O how. . ." Ang manugang kong babae. Talagang lubos ang pagnanais nila sa Diyos. Hetong lumalapit po si Kapatid na Grimsley, talagang lubos ang pagnanais sa Diyos. "My all. . ." Sige lang po. Heto si Kapatid na Wood, na lumalapit. Si Kapatid na Collins, isang Methodist na mangangaral; ang kanyang maybahay, ang iba pa. ". . . became my Saviour." Heto ang mga gawa ng Espiritu Santo na tumatawag, Siya Mismo. ". . . dwelleth in Him."

O how I love. . .

Sige lang at ipahayag n'yo ito sa sari-sarili n'yong paraan.

How I adore Him!
My breath, my sunshine, my all in all!
The great Creator became my Saviour,
And all God's fullness dwelleth in Him.

151 Panginoon, Panginoon, heto po sila, na mga tupa sa Iyong pastulan. Iyo pong pakainin sila, Panginoon, sa Iyong Espiritu. Kanilang ibinibigay ang kani-kanilang sarili sa Iyo, Panginoon. Kanilang inihahandog ang kanilang mga buhay sa Iyo. Sila'y nakatindig dahil di nila ikinahihiya ang Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Batid po namin na Ika'y narito, ang dakilang Haliging Apoy, ang Cristo, ang Espiritu Santo.

. . .-dore Him!
My breath, my sunshine, my all in all!
The great Creator became my Saviour,
And all God's fullness dwelleth in Him.

152 [Sinisimulang ihiging ni Kapatid na Branham ang *Down From His Glory*—Pat.] Sige po't dumulog lamang sa sari-sarili n'yong pagsambit ng pagdulog. Hayan nga ang Espiritu Santo na dinala kayo rito. Sige't sabihin n'yo lamang sa Kanya na iniibig n'yo Siya. Ang siya ring Espiritu Santo na nagpatindig sa kanila roon sa Pentecostes, heto nga kayo na nakatayo rito na umiiyak, tumatangis, nagbubunyi.

The great Creator became my Saviour,
And all God's fullness dwelleth in Him.

Without reluctance, flesh and blood His substance, (munting sanggol sa sinapupunan niya)
He took the form of man, revealed the hidden plan.
O glorious mystery, Sacrifice of Calvary,
And now I know Thou art that great "I AM."

O how I. . . O God! How I adore Him!
My breath, my sunshine, my all in all!
The great Creator became my Saviour,
And all God's fullness dwelleth in Him.

153 Oh pag-ibig na di bibitiw sa akin, pag-ibig na nakakapit nang husto sa puso ko na higit sa anupamang ibang bagay, ang kalugurang hatid ng Presensya ng Espiritu Santo; habang ang iglesya Niya'y nakatayo rito sa palibot ng altar, sumasamba, nakatuon sa may sabsaban, nakikita ang siya ring bagay na nakita ng mga lalaking pantas, ang Diyos na nagsalaman.

. . . became my Saviour,
And all God's fullness dwelleth in Him.

154 Kung may anumang bagay na mali sa inyong buhay, inyo na pong ipagtapat ito ngayon sa Presensya ng Espiritu Santo, habang taimtim po. Saliksikin n'yo ang inyong puso, tingnan

n'yo kung may sabsaban diyan na kayang tiisin ang paninira, sa inyong pagpapahayag na Siya ay Diyos.

All God's fullness dwelleth in Him.

155 Habang nakayuko ang inyong mga ulo ngayon, dumulog lang kayo ng pananalangin, sa sarili n'yo. Heto po ang Espiritu Santo. Hindi ba't nararamdaman n'yo ang kaamuan at ang kahinahunan ng Espiritu ng Diyos, ang kalugud-lugod, na Buhay na tuluy-tuloy?

156 "Maging mga wika, ang mga ito'y titigil. Maging mga propesiya, ang mga ito'y matatapos. Maging mga karunungan, ang mga ito'y mawawala. Subalit sa pagdating ng pag-ibig, ito'y mananatili kailanman." "Mapagpahinuhod ang Pag-ibig. Di Nito ipinagmamapuri ang sarili. Di Ito mapagpalalo. Di Ito nag-uugaling, mahalay. Bagkus pinagiging mapagpakumbaba tayo Nito, pinagiging malugod tayo, naglalagay ng katamisan sa inyong puso."

157 Tayo po'y manalangin na ngayon, bawat isa sa sari-sarili n'yong paraan, na pinasasalamatan mismo ang Diyos sa bagay na Kanyang ginawa.

158 Oh Panginoon, sa katamisan ng awiting ito, na inilalahad sa pamamagitan ng mga tiklado, di nga tumutunog ng walang katiyakan, bagkus isang tunog na makahulugan, sa amin, kung Sino ang aming Diyos, sa paraan ng pagpapahayag ng Salita rito. Ngayon inilalahad ito ng musika. Ngayon inilalahad ito ng aming mga puso, Panginoon, ng aming saloobin sa Iyo. Kami po'y dumudulog. Ang mga tao'y nakatayo sa kanilang mga paa. Iniibig Ka nila. Magkakalakip kami, Panginoon, na tumatayo kami bilang Iyong mga tupa, na mga tupa ng Iyong pastulan. Gustung-gusto namin ang Pagkain na ito, Ito'y nakabubuti sa aming mga kaluluwa. At may kabatiran kami na ang Diyos ay nananahan sa amin. May kabatiran po kami na ang Diyos ay ibinuhos nang buong-buo kay Cristo, at si Cristo'y ibinuhos nang buong-buo sa Iglesya.

159 At heto kaming nakatayo sa oras na ito, sa panahon na ang lahat na ng uri ng mga relihiyon, at lahat na ng uri ng—ng mga denominasyon at mga baha-bahagi, lahat ng uri ng paniniwala, subalit heto po na ang Salita'y nangungusap Mismo, ang Diyos ay nahayag. Heto ang super na tanda na ang Diyos pa ri'y naghahayag sa laman sa Kanyang bayan, ginagawa ang siya ring mga tanda't kababalaghan, nagpapakita sa anyo ng Ulap, ng Haligi, nananahan sa kalagitnaan namin, tinatalos ang mga puso namin, paunang sinasabi ang mga bagay na parating, pinagagaling ang aming karamdaman, ibinubunsod na kami'y sa Langit ang punta nang sa gayon aming maisantabi ang mga ganang sarili namin. Hanggang sa, may mga gawin kaming mga bagay na kaiba, sa mga anak ng sanlibutan; na anupa't hayan sila na nakatayo sa gilid at nagtatawa, at iniisip na nababaliw

na kami, tulad nung ginawa nung mga tao noon sa Pentecostes, na sinasabi, “Hindi ba’t ang mga taong ito’y mga lasing?”

But how I love Him! How I adore Him!
My breath, my sunshine, my all in all!
The great Creator became my Saviour,
And all God’s fullness dwelleth in Him.

160 Itinataas n’yo na ba ang inyong mga kamay para ihayag ang inyong pananampalataya sa Diyos, ang inyong mga panata sa Diyos, ang inyong katapatan at pagka makatotoo sa Diyos, ang buong iglesya nga ba?

161 Amin ngayon, Panginoon, inaalay ang aming sarili sa Iyo, matapos ang biyayang ito ng pagpapahayag ng Presensya Mo, na anupa’t napagkikilala namin na ang Diyos ay heto pa ring naipapahayag sa aming laman. Siya’y napasa alabok namin, Siya’y napasa kalagayan namin; tinawid Niya ang Kanyang Sarili mula sa pagiging Diyos para maging tao, nang sa gayon ang tao ay mabuhay sa Kanya. At damang-dama Ka po namin sa umagang ito, sa aming mga espiritu. Nakikita namin ang Iyo mismong mga gawa at Iyong pagpapahayag. Iniibig Ka namin. Inilalagak namin ang aming sarili nang panibago sa Iyo: upang parangalan Ka, upang ibigin Ka, at upang gawin ang lahat ng nalalaman namin na dapat gawin, na magiging kaaya-aya, na mamumuhay kami ng pamumuhay na kami’y magiging tunay na mga Cristiano, na walang ihahatid na kahihiyan, bagkus ay magiging isang pagpapala sa Iyong dakila’t Banal na Pangalan. Amin po itong itinatagubilin, Panginoon, bilang Iyong mga anak, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

162 Gusto ko pong tanungin kayo ng isang bagay bago kayo maupo. Nakaramdam ba kayo ng ganoon na lamang na kalugod na bagay? Ang kaluguran ng Espiritu Santo! Wala ngang nag-utos; basta’t tumayo na lamang kayo, dumulog dito sa harapan. Ang kaluwalhatian mismo ng Diyos! Kita n’yo?

163 Ako po’y nananalangin at nag-aaral, nang magdadalawang araw na, sa paksang ito. Sobra pa nga. Mula pa nga nung isang Linggo, o nitong huling, siyanga, Linggo.

164 Kung papaanong ang Super na tanda, kung papaanong sinabi mismo ng Diyos, “Bibigyan Ko sila ng isang tanda. Ako nga’y mapapasa kanilang laman. Ako’y magiging kagaya nila; sila’y magiging kagaya Ko.” Sinabi Niya na ang mga Anghel ay nagsitunghay. O ang sabi. . .Sinabi nung mga Anghel sa mga pastol, “Sumumpong kayo sa may sabsaban, makikita ninyo ang ibig Kong sabihin.” Ang tanda na ’yun ay di lang para sa mga Anghel. Di lang ’yun para sa mga pastol. Yun nga’y para sa mundo, para makita’t masampalatayanan na ang Diyos ay nanahan sa laman.

165 At sa paghahandog ng laman na ’yun, Kanyang pinaging banal ang ating laman, upang Siya’y makapanahan sa loob

natin. Ang Diyos ay nasa inyo. Si Cristo'y nasa inyo. "Narito, Ako'y sasa inyo sa tuwina, maging hanggang sa katapusan ng mundo." Huwag na huwag n'yong kalilimutan ito. Ingatan n'yo ito sa inyong mga puso.

166 Marami akong natanggap na kay iinam na mga regalong Pamasko, may movie camera po, at maraming iba pang bagay, mga baril at iba pa, na ang mga taong nagmamahal sa akin, ay ibinigay ang mga ito sa akin. Lubos nga ang pasasalamat ko sa mga ito!

167 Subalit, oh, ito, ang Walang Hanggang Buhay na ito, ang pinagpalang katiyakan na si Cristo'y nananahan sa atin, na ang Kanyang kalubusan ay nananahan sa kaibuturan natin, haya't ibinubunsod tayo na manindig at kumilos ng iba. Dahil, kayo, kapag ganoon ang kilos n'yo, kayo'y nagiging taga-ibang bayan sa mga bagay sa sanlibutan. Kayo'y nagiging di taga-rito. Inyo ngang ipinagpapalagay na ang inyong sarili'y patay na sa mga bagay ng sanlibutan, at buhay na sa panibagong buhay. Haya't kayo nga'y dayuhan na ngayon sa sanlibutan. Kayo'y dayuhan na dahil ipinapahayag n'yo na nang hayagan, sa pamamagitan ng inyong kilos, na, "May Bayan na ang Siyang Nagtayo at ang May Gawa ay ang Diyos." Kita n'yo? At di n'yo na alintana ang mga bagay na ito sa sanlibutan, bagkus tayo'y mga taong sa Langit ang punta na inaasam ang Bayan na 'yun na ang Siyang Nagtayo at ang May Gawa. . . ay sa Diyos. Tayo'y Binhi ni Abraham dahil sinampalatayanan natin ang Panginoong Jesus Cristo, at namatay na sa mga bagay ng sanlibutan, at ibinangon muli sa pagkabuhay na mag-uli sa wangis Niya; na lumakad kagaya ng paglakad noon ni Abraham, na hinahanap ang Bayan na 'yun na parating, pinanghahawakan ang Salita ng Diyos, isinasantabi ang anumang bagay na kontra dun, anupa't pinatuloy ang mga anghel sa ating tahanan, gaya ng ginawa noon ni Abraham, sa mga mensahero ng Diyos, na nagdala ng mensahe. Oh, grabeng panahon! Na anupa't inihahayag natin na ayaw na natin ng anumang kinalaman sa sanlibutan. Na ang ibig nati'y Siya na, at Siya na lamang. Siya ang Tagapagligtas natin.

168 At sa inyong pag-alis sa gusaling ito sa umagang ito, inyong dalhin-dalhin Siya kasama n'yo. Huwag n'yong pababayaan na mawaglit Ito. Maging kalugud-lugod sa inyong kaluluwa, sa lahat ng mga araw ng inyong buhay. Pagpalain kayo ng Diyos ngayon habang bumabalik na kayo sa inyong mga upuan, at ang mga bata'y tatanggap na po ngayon ng kani-kanilang mga regalo. Pagpalain kayo ng Diyos.

169 Heto ba 'yung ipapanalangin? Sige't alalayan n'yo sila rito, kapatid na babae. Ipapanalangin natin.

Ang Panginoong Diyos ay mahahabag nawa sa kapatid na lalaking ito. Iyo pong iwaksi ang espiritu ng pagkalasenggo sa

lalaking ito, Panginoon. Nawa'y ang pagkalasing na niya'y sa bagong Alak na ng Diyos. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

170 Hindi po ba't sadyang Makalangit nito? Ilan po ang dama 'yun, na haya't sadyang, sadyang kaluguran? Wala nga rito na may masasabi pa. Wala nga akong masasabi pa mismo. Ako'y sadyang—ako'y. . .Wala na talaga akong masabi. Di ko—di ko alam kung ano pang sasabihin ko. Haya't sadyang ang Espiritu Niya'y kumikilos dito, kita n'yo.

171 Ano 'yun? Kayo'y nagiging mga tupa na, at ang Kalapati ay narito upang pangunahan kayo patungo sa Pagkain ng kordero, Pagkain ng tupa. *Ito* ang Pagkain ng tupa, "Di mabubuhay ang tao sa tinapay lamang, kundi sa bawat Salita na manggagaling sa bibig ng Diyos." Ang espiritu nati'y nabubuhay dahil Doon.

172 Sa palagay ko'y kakatagpuin ko na ngayon ang matalik kong kaibigan, na si Atorni Robinson, kung makapag hihintay ka lamang nang kaunti pa sa gusali hanggang sa makapag palit muna ako ng damit, sa likod, dahil pawisan ako.

173 Si Kapatid na Neville ang mamamahala na ngayon sa gawain, para sa—para sa mga regalo sa mga bata. Pagpalain kayo ng Panginoon.

174 Lagi n'yo pong awitin ang *Down From His Glory*. Sa pag-awit n'yo po n'yan, lagi n'yong tandaan ang bagay na atin mismong sinasampalatayanan sa Kanya, "Ang Diyos sa buong kapuspusan ay sa Kanya'y nananahan." Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Neville.

175 [Si Kapatid na Neville ay nakikipag-usap kay Kapatid na Branham—Pat.] Sige po, kung gusto mong ako. ["Sige."]

176 Tinanong ako ni Kapatid na Neville kung puwede akong makabalik mamayang gabi, uli, para mangaral uli mamayang gabi. Hindi ko sana gustong kunin 'yung kanyang gawain. Pero haya't narito naman na ako, 'yun naman po ang dahilan ng pagpunta ko rito. Sige po, babalik ako mamayang gabi, loobin ng Panginoon, ako'y mangungusap sa gawain.

*Isang Super Na Tanda* TAG59-1227m
(A Super Sign)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Disyembre 27, 1959 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2019 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org